# SIKHAY KILOS

Opisyal na Newsmagazine ng Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan - UP Diliman

COLLEGE WEEK SPECIAL ISSUE 2024

# ALAB NG PUSO



*Larawan ng CSWCD community kasama ang panauhing pandangal na si Tsanselor Edgardo Carlo Vistan II.*

# NILALAMAN


## PAHINA 3

### COLLEGE WEEK DEAN'S MESSAGE

Mensahe ng Dekana para sa buong linggo selebrasyon ng College Week

## PAHINA 7

### ALAB NG PUSONG NAKIKIBAKA

Parangal at pagkilala sa kagitingan ni Bai Bibyaon

## PAHINA 20

### ALAB NG PUSONG NAGLILINGKOD

Pagpaparangal sa mga kawani at gurong naglingkod sa Kolehiyo sa loob ng lima hanggang tatlumpung taon

## PAHINA 23

### DSD@15 SA DIBDIB MO'Y BUHAY

Pagbabalik-tanaw sa 15 taon ng DSD

## PAHINA 25

### MA IN WOMEN AND DEVELOPMENT (MAWD) 35TH ANNIVERSARY

Mga mensahe mula sa MAWD foremothers

## PAHINA 28

### ALAB NG PUSONG MALAYA

Talakayan kasama si dating Senador Leila de Lima

# College Week 2024 Dean's Message

Prof. Lenore Polotan-Dela Cruz
Dean, CSWCD



I am honored to welcome you to the opening of this year's College Week Celebration. 2024 brings to fore two important milestones in the life of the College:

First is the 35th year anniversary since the institution of the MA in Women and Development program in 1989, recognized then as the first academic degree program in Women and Development Studies in the Philippines. We are also marking the 15th year anniversary of the Doctor of Social Development program which has thus far produced 29 doctorates since its first batch of students graduated in 2014.

I also note that 2024 is the 57th year since the creation of what was then the Institute of Social Work and Community Development (ISWCD) by virtue of RA 5174 in August 1967. Of course, the Department of Social Work has a much longer history having been a part of the College of Liberal Arts in the 50s to the early 60s.

Thus we gather this week not just to mark the passage of time, but to celebrate the persistent spirit of our respective disciplines and their profound impact on the people and communities we worked with.

Our celebration is imbued with a remarkable theme - Alab ng Puso - chosen to highlight our enduring passion and commitment to transformative change that is rooted in participatory and empowering principles, values and methodologies.

Noong lang Pebrero 25 ay muli nating ginunita ang ika-38 anibersaryo ng 1986 People Power uprising na nagpatalsik sa Marcos Sr. dictatorship. Alab ng pusong nagmamahal sa bayan at kalayaan ang nagpakilos sa ating mga bayani't martir, maging ang laksang mamamayan upang ipaglaban ang karapatan, kabuhayan at kapayapaan, buhay man ang kapalit!

I believe 'Alab ng Puso' lies at the very core of social work, community development, women and development studies, and social development for it is through love in its multiple forms and dimensions that we are compelled to act responsibly, to serve unequivocally, and to advocate relentlessly for the empowerment and transformation of society in solidarity with those who are marginalized.

We take great pride that the CSWCD has been a training ground for countless social workers, development practitioners, feminists and gender advocates who are imbued with critical thinking, professional skills, and commitment to promoting the rights of poor and marginalized sectors, women and LGBTQI individuals, and have gone on to make a tangible difference in the lives of Filipinos. From advocating for peasants' and workers' rights, women's empowerment, gender justice and equality, to empowering marginalized communities, our graduates have embodied the true essence of love and service—paglilingkod na may alab ng puso—through their dedication, compassion, and unwavering commitment to social justice and people-centered development.

Ang taunang pagdiriwang ng Linggo ng CSWCD ay pagkakataon din na magnilay at magbahaginan hinggil sa ating gawaing pang-akademiko, pagtuturo, saliksik, gawaing ekstensiyon at serbisyo-publiko na siyang nagbibigay buhay, kahulugan at kabuluhan sa gawain ng kolehiyo at ng buong unibersidad. Nakatutulong ang pagninilay upang higit pang mapa-igting ang dedikasyon na patuloy na makapaghubog ng madami pang henerasyon ng mga social workers at development professionals, maging ng mga lider at samahan sa komunidad, na maglilingkod sa kapwa at sa bayan.

Kinakaharap natin ngayon ang mga bago at mas mabibigat na hamon—hindi ganap na pag-alpas sa mga epekto ng pandemya, banta ng panibagong pandemya, pagbabago ng klima, gera at karahasan, pagbabaluktot ng kasaysayan at katotohanan, at paglapastangan sa ating demokratikong karapatan. Subalit kayang malampasan ang mga hamon gamit ang angkop na mga balangkas, teoriya at pamamaraan, mga pagpapahalaga at gawi hindi lamang upang masuri at maunawaan ang kalagayan, kundi lalo't higit kung paano ito epektibong mababago para sa kapakanan at kaagapay ang mga pinagkakaitan.

Nais kong pasalamatan ang lahat ng bumubuo ng CSWCD Week Organizing Committee sa pamumuno ni Prof. Aleli B. Bawagan kasama ang mga kinatawan ng bawat departmento at opisina ng CSWCD. Sila ang nanguna sa paghahanda ng isang linggong programa na siksik, liglig at nag-uumapaw upang ipagbunyi ang iba't-ibang anyo ng **nag-aalab na puso** ng ating kolehiyo.

Maalab na pagbati sa lahat. Dalangin ko ang tagumpay ng ating mga gawain!

Taos-pusong pasasalamat sa inyong lahat.

#AlabYuCSWCD!

# Alab ng Pusong Nagpupugay:

## College Week Opening Program

Nagbukas ang Linggo ng CSWCD 2024 noong 26 Pebrero sa pamamagitan ng isang programa na ginanap sa Bulwagang Tandang Sora (BTS). Alab ng Puso ang kabuuang tema ng Linggo kung saan ito ay sumasalamin sa nagsisilakbong pagnanais at dedikasyon ng bawat kasapi ng CSWCD tungo sa pagtupad ng pangarap na isang lipunang may Katarungan, Kapayapaan at Likas-Kayang Kaginhawahang Pinagsasaluhan ng Bayan at Sanlibutan.

Para sa pagbubukas, pinangunahan nila Kat. Prop. Tez Cruz ng DWDS at Kaw. Prop. Angelito B. Meneses ng DSD ang pagpapadaloy ng programa. Ang partikular na tema sa umagang ito ay Alab ng Pusong Nagpupugay. Pinaliwanag ni Dekana Lenore Polotan-Dela Cruz ang dalawang mayor na milestone ng kolehiyo ang pinagpupugayan- ang ika-35 taon ng programang Master of Arts in Women and Developemnt (MAWD) at ang ika-15 taon naman ng Duktor ng Panlipunang Kaunlaran (DSD, Doctor of Social Development).

Sa pangunguna ni Kat. Prop. Sabrina Gacad, nagbalik-tanaw sina dating Dekana Amaryllis T. Torres, dating Dekana Rosalinda P. Ofreneo, Prop. Teresita V. Barra-



*Pagbubukas ng programa sa pangunguna nina Kaw. Prop. Joltz Meneses at Kat. Prop. Tez Cruz*

meda at si Atty. Twyla Rubin, Officer-in-Charge ng Gender Equality Women's Human Rights Center ng Commission on Human Rights of the Philippines, sa kasaysayan ng programa, sa mga hamong kinaharap ng mga administrador at ng mga mag-aaral, at ang mga naging tagumpay hanggang ngayon.

Nagpasalamat din ang kolehiyo sa buhay ni yumaong Prop. Maureen C. Pagaduan ng Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan na isa rin sa naging haligi ng MAWD. Naging makabuluhan ang ambag ni Mam Mo sa paghubog ng mga mag-aaral ng CSWCD maging sa kanyang matapat na pagsusulong ng kilusang kababaihan at LGBTQIA+. Nagpasalamat naman si G. Jun Bandayrel sa pagpupugay na ginawad kay Mam Mo. Sa pagtatapos ng bahaging ito, naghandog ng dalawang awit (Buhok at Di Pangkaraniwan) si Bx Jessamae Gabon, kasalukuyang mag-aaral ng departamento.



*Noon at Ngayon: Pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng Department of Women and Development Studies*




*Mensahe ng pagpupugay mula kay Tsanselor Vistan sa pagdiriwang ng College Week*

Para sa ikalawang bahagi ng programa, binaybay naman ni Kaw. Prop Justin Francis Leon V. Nicolas ang nakalipas na 15 taon ng DSD – pinakilala ang mga naging direktor ng programa at ang mga naging gawain ng mga mag-aaral sa labas ng klasrum tulad ng mga kumperensiya at educational trip sa mga POs at NGOs sa loob at labas ng bansa. Binigyang pugay din ang mga mag-aaral ng DSD na yumao nitong mga nakaraang taon. Mula naman sa Australia, nakasama sa pamamagitan ng Zoom si Prop. Nilan Yu, ang unang direktor ng DSD. Siya ngayon ay nagtuturo sa University of Adelaide. Nagbahagi din si Prop. Emeritus Amaryllis T. Torres ng pinagmulan ng programa kung saan siya ang dekana noong 2008. Si Gx Mark Fellizar, isang kasalukuyang mag-aaral ng DSD, ay naghandog ng awit na You Raise me Up.



*Pagtanggap ni G. Jun Bandayrel ng pagkilala kay yumaong Prop. Maureen "Mo" Pagaduan*

Sa ikatlong bahagi, kinilala at pinasalamatan ang mga kasamahang naghandog ng karangalan sa kolehiyo sa kanilang pagtanggap na iba't-ibang award at distinguished recognition noong 2023. Sina Chancellor Vistan at Dean Tata ang nag-abot ng Sertipiko ng Pagkilala kina:

- Kaw. Prop. Paul Edward Muego at Kaw. Prop. Justin Francis Leon Nicolas para sa 2023 UP Diliman Centennial Professorial Chair;

- Tinanggap ni Kat. Prop. Sabrina Gacad para sa Departamento ng Aralin ukol sa Kababaihan at Kaunlaran na ginawaran ng 2023 UP Diliman Gawad Tsanselor Para Sa Natatanging Programang Pang-Ekstensiyon para sa Lunas Collective Helpline and Gender based Violence Care Education Program;

- Para sa kanilang International Publications: Kat. Prop. Karl Arvin F. Hapal para sa "Communal Intimacy and Violence of Politics: Understanding the War on Drugs in Bagong Silang, Philippines" na inilathala ng Cornell University Press; Kat. Prop. Florence F. Pasos para sa "Protecting Children in the Philippines: A System-Focused Overview of Policy and Practice" na inilathala ng Oxford University Press; at Prop. Nathalie Lourdes A. Verceles para sa "From the personal to the political: Young, Filipino, and Feminist" na inilathala sa Asian Journal of Women's Studies;

- Para sa mga nakatanggap ng Gawad Parangal mula sa Philippine Association of Social Workers, Inc. o PASWI: Prop. Jocelyn T. Caragay, distinguished social work educator excellence award; Kaw. Prop. Jowima Ang-Reyes, outstanding social worker of the Philippines at Retired Professor Thelma Lee Mendoza na ginawaran ng Josefa Jara Martinez Excellence Award.

- Tinanggap ni Kat. Prop. Rosalie T. Quilicol ang sertipiko para sa Departamento ng Gawaing Panlipunan na tumanggap ng parangal mula sa Professional Regulatory Commission bilang first place sa Top Performing Social Work Schools at sa Licensure Examination for Social Workers noong nakaraang Setyembre 2023.

Ang ika-apat na bahagi ng programa ay ang paglalahad ng mga detalye para sa CSWCD Logo-Design Contest. Ang kasalukuyang ginagamit na logo ng kolehiyo ay galing pa sa panahon na isa itong Institute. Panahon na para sa isang bagong logo na sasalamin sa alab ng puso ng kolehiyo.

Bago nagtapos ang programa ay nagbigay si Chancellor Vistan ng mensahe para sa CSWCD. Binahagi niya na ang kanyang mga magulang ay parehong nagtapos ng BS Community Development noong 1977. Masaya siya sa inaabot na tagumpay ng parehong programa ng DWDS at DSD at umaasang higit pang maraming tagumpay ang makamit ng kolehiyo sa mga susunod na taon.

Si Kaw. Prop. Paul Edward Muego ang nagbigay ng mga pangwakas na pananalita. Nabanggit ang mga susunod pang mga programa at forum sa Linggo ng CSWCD 2024 at nagpasalamat sa lahat ng mga kasapi ng 2024 Komite ng College Week.
Nagpatuloy ang ikalimang bahagi ng programa sa CSWCD Library kung saan pinasinayaan ang mga exhibits na ginawa ng mga akademikong yunit ng kolehiyo.

Matagumpay na naidaos ang pagtitipon na ito na dinaluhan ng mga bisita mula sa iba't ibang akademikong yunit at opisina ng UP Diliman, bukod sa mga dating mga dekano at dekana, opisyales at guro ng CSWCD. Nagtipon-tipon ang lahat para sa isang masarap na pananghalian sa Eat-UP sa basement ng kolehiyo.




*Pormal na binuksan ni Dean Tata ang College Week 2024*


*I believe 'Alab ng Puso' lies at the very core of social work, community development, women and development studies, and social development for it is through love in its multiple forms and dimensions that we are compelled to act responsibly, to serve unequivocally, and to advocate relentlessly for the empowerment and transformation of society in solidarity with those who are marginalized.*

**-Dean Lenore Polotan- Dela Cruz**

# ALAB NG PUSONG NAKIKIBAKA:

# Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay

## Lumad. Rebolusyonaryo. Bayani.



Artwork mula kay Voltaire Guray,visual artist at organizer mula sa PAMALAKAYA.

Bilang bahagi ng pagdiriwang sa CSWCD College Week 2024, ang buong Kolehiyo at mga pangmasang organisasyon ay naghandog ng parangal, nag-alay ng mga awitin, tula, bulaklak at mga mensahe ng pagpupugay sa kadakilaan at kabayanihan ni Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay na naging inspirasyon para sa kapwa Lumad, pambansang minorya, at malawak na mamamayan. Si Bai Bibyaon ay pumanaw noong Nobyembre 20, 2023.

Si Bai Bibyaon ay isang natatanging Lumad lider na nakatanggap ng UP Gawad Tandang Sora noong 2017. Siya ang nag-iisang babaeng pinuno sa kasaysayan ng tribong Manobo hanggang sa kasalukuyan. Ang "Bai" ay isang termino ngpaggalang na ibinibigay ng kanyang komunidad sa mga kababaihan, habang ang "Bibyaon"naman ay tumutukoy sa kanyang katayuan bilang pinuno ng tribo. Ligkayan Bigkay ang buo niyang pangalan. Si Bai Bibyaon ay naging taliba ng pakikibaka ng mga Lumad upang ipagtanggol ang kanilang lupaing ninuno, kalikasan, at mga komunidad sa Kabundukan ng Pantaron mula noong 1994. Noong 2016, si Bai Bibyaon ay kabilang sa mga pinunong Lumad na nanguna sa makasaysayang Lakbayan: Kampuhan sa Diliman, isang caravan ng mahigit 3,000 miyembro ng pambansang minorya mula sa Luzon, Visayas at Mindanao na pumunta sa Maynila upang ipahayag ang kanilang mga panawagan sa sa mas malaking audience ng mga guro, estudyante, kawani, at komunidad.

*Bai Bibyaon's legacy reminds us of the importance of acknowledging and honoring indigenous cultures, traditions, and struggles. Her story challenges gender stereotypes and emphasizes the significant role of women in leadership. The tribute serves as a crucial reminder to celebrate role models in our country who uphold social justice, environmental preservation, and community leadership. It urges us to strive for a society where communities flourish, cultures are respected, and the environment is safeguarded.*


**-Lester Nathaniel Fernando, CD 11**

Ang UP Gawad Tandang Sora ay ipinagkakaloob tuwing ikatatlong taon sa mga namumukod tanging akademiko, practitioner o mga samahan na nag-alay ng makabuluhang ambag at mahusay naserbisyo sa mga larangan ng Social Work, Community Development, Women and Development at Social Development. Pinamamahalaan ito ng CSWCD nang may lubos na suporta mula sa pamunuan ng UP Diliman. Ang Gawad Tandang

Sora ay ipinangalan kay Melchora "Tandang Sora" Aquino,ang tinaguriang Ina ng Philippine Revolution, bilang pagkilala sa ipinamalas niyang pagmamahal sa bayan at paglilingkod sa kapwa Pilipino.

Sa pangunguna ni Dean Lenore P. dela Cruz, nagbigay ng mensahe ng parangal ang mga propesor mula sa Kolehiyo - sina Ret. Prop. Judy M. Taguiwalo, Prop. Excelsa C. Tongson, DSD at Prop. Emeritus Angelito G. Manalili. Nagbigay din ng pagpaparangal ang mga katutubo at mga IP advocates na sina Kat Dalon ng Sabokahan Unity of Luman Women, Joanna K. Cariño, Chairperson ng Sandugo Movement of Moro and Indigenous Peoples for Self Determination, Funa-ay Claver ng Katribu Kalipunan ng Katutubong Mamamayan, at Eloisa Mesina ng Kabataan para sa Tribung Pilipino. Pinangunahan naman nina Sam Acabado at Chabby Jabson ng CSWCD Student Council at Himno at Sining sa Tribu ang pagtatanghal at pag-aalay ng bulaklak.

Ipinalabas din ang iba't ibang video na nagpapakita ng buhay at pakikibaka ni Bai Bibyaon gaya ng Mindanaw, video tribute mula sa Bai Indigenous Women's Network, at Salugpongan music video. Tampok rin ipinahiram na portrait painting ng visual artist at organisador na si Voltaire Guray.



## Ig uli ron to buvungan si Ino

*ni Kat Dalon*

Umuwi na sa buvungan si Ino

Doon,
mahigpit siyang yayakapin ng mga hangin,
yuyukuan ng mga puno,
kakamayan ng ilog Salug at Pulangi.
Hahaplosin ng tano ang kanyang mga paa.

Pasasalamatan siya ng mga ito.
Ibabalik sa kanya ang kaluluwa
ng kanyang pana at bangkaw

Ibabalik niya rin dito:
ang yakap,
ang pagyuko,
ang pakikipagkamay,
at ang paghaplos.

Daramhin niya ang lubos na ligaya
sa kanyang pag-uwi.

Naroon siya sa pinakatamataas na bundok.
Tinatanaw ang yutang kabilin
na kanyang inalayan ng buhay.

Babaybayin niyang muli
ang kanyang hampas ng bangkaw,
Pupuntiryahin ng kanyang pana
ang hangal
na naghuhubad at nanggagahasa sa lupa.

Muli niya ring dadamhin
ang saya ng pagtatanim,
pagpapanday ng bahay,
at ang pagsasaayos sa tunggalian.

Magagalit siya sa mga
traktor na naroong humahagod sa lupa,
sa mga minahan at dam.
Sasabihin niyang
"Mga bato, podayon kow to pakigbisog!"

Ngayo'y wala siyang kahit katiting na takot.
Sapagkat, 'di siya kailanman mahahawakan ng busaw,
na sa kanyang habilin,
Kahit ni isa sa kanila
ay 'wag hayaang makatanaw sa kanyang ataul.
At higit sa lahat ay hawakan ang kanyang katawan.

Umuwi na si Ino sa buvungan.
Yayakapin niya ang hangin.
Yuyukuan ang mga puno.
Makikipagkamay siya sa mga ilog
At hahaplusin ang mga tano.

Sa wakas, nakauwi na rin si Ino
ng ligtas at payapa.





Larawang kuha ni Misael Bacani ng MPRO. Kuha noong paggawad ng Gawad Tandang Sora kay Bai Bibyaon




Pagtula ni Kath Dalon bilang pagpaparangal kay Bai Bibyaon

# ALAB NG PUSONG SUMISIKHAY:
## CSWCD Career Fair

Last February 27, 2024, in line with the celebration of the CSWCD Week 2024: Alab ng Puso, the UP College of Social Work and Community Development held its Alab ng Pusong Sumisikhay: CSWCD Serve the People Fair. It is a student council-led initiative in collaboration with the UP CSWCD FST Council, UP Community Development Circle, and UP Junior Social Workers Association of the Philippines that will provide a unique opportunity for students to engage with the world of development work and embark on pathways towards meaningful careers.

The Career Fair is aligned with the college's theme, Alab ng Puso, which aims to spark passion and ignite knowledge in our students aspiring to pursue careers in the fields of social work and community development. This was joined by the students, both undergraduate and graduate students, different organizations and alumni of the college. The project started with a Career Talk wherein a panel of speakers sourced from the college's alumni shared their personal stories in their fields of work as social workers or community organizers and exposed the student body to the various opportunities their program can provide.

The speakers emphasized the importance of passion, resilience, and adaptability in pursuing a career in the development sector. Subsequent sessions featured presentation by representatives from various organizations offering insights into their missions, projects, and job opportunities. One of the highlights of the career fair was a panel discussion featuring experienced development professionals who shared their career journeys, challenges, and lessons learned. The panelists offered invaluable advice on building networks, gaining field experience, and staying committed to making a difference in the communities.

Throughout the career fair, attendees had the opportunity to network with representatives from a diverse range of organizations, including NGOs and youth organizations. These interactions allowed attendees to learn more about different career paths and organizational cultures that helped them explore the world of development work.

*Nakita ko sa mga CD alumni na malayo man na ang kanilang narating, hindi nila kinalimutan ang itinuro sa kanila ng CD at ng mga karanasan nila sa mga organisasyon nila noong nag-aaral pa sila. Mas napalapit ang aking puso sa CD at mas nag-alab ang puso sa paglilingkod at pagsasabuhay ng teorya at praktika.*

**-Jewel Leigh Buenrostro, CD 121**













*Inimbitahan ng CSWCD Student Council ang mga alumni ng Kolehiyo para sa Career Talk*




# ALAB NG PUSONG NAGNINILAY

## BAHAGINAN-TALAKAYAN:

## Mga Aral Mula sa Karanasan ng BSCD Alumni

On 27 February (Tuesday), from 2:30-5:30 PM, The Department of Community Development conducted the DCD Forum titled, "Alab ng Pusong Nagninilay". Four alumni of the BS Community Development program were invited to share their experiences for the past twenty years since they graduated. Around 76 students from three CD classes (CD 100, CD 101, CD 121) attended the forum to learn and be inspired by the alumni.

### The forum speakers were the following:

Abigail P. Genito is a seasoned Community Development Specialist with two decades of experience working in government and non-government agencies, with focus on women's and children's rights, disaster risk reduction and management, land tenure, housing rights and inclusion. She has just started with her new role as the Regional Gender in Emergencies Specialist under the Asia Pacific Disaster Risk Management Team of Plan International. She earned both her Bachelor's and Master's Degrees in Community Development at the University of the Philippines, Diliman which provided her with formal training in development work which honed her skills in integrating gender-responsive and inclusive approaches, strategies, and initiatives.





Tyrone Edward Beyer is currently the Campaign and Advocacy Officer of the Philippine Task Force for Indigenous Peoples' Rights, an NGO in service of Philippine indigenous peoples for the past two decades. He was a spokesperson for Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan sa Pilipinas, a national alliance of indigenous peoples' organizations in the Philippines and was the deputy secretary of the Katribu Partylist. Mr. Beyer also worked with Ayta communities in Pampanga while employed at the Social Action Center of Pampanga (SACOP). He was also a co-writer and co-editor of TFIP's latest sourcebook, Realities of Social Services in IP Communities published in 2019. He grew up in the Municipality of Banaue and is proud to have Ifugao blood.




Kathryn Manga is currently a staff member of Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). She is one of the coordinators of Agroecology Exchange or AEX, which is spearheaded by KMP. She is a member of the Board of Directors of 'A Growing Culture', a global organization whose aim is to organize and strengthen various groups advocating for food sovereignty. Twenty years since she graduated from CSWCD, she continues to work as educator, researcher and cultural worker.

Gonzalo S. Sanchez Jr. is a human rights/peasant lawyer from Sentro para sa Tunay na Repormang Agraryo or SENTRA and is a member of the National Union of Peoples' Lawyers (NUPL). He obtained his undergraduate degree in Community Development from UP CSWCD and his law degree from Arellano University School of Law. After graduation, he continued his advocacy for Genuine Agrarian Reform by organizing farmers in the countryside. He also served as Project Officer of Rep. Rafael "Ka Paeng" Mariano of Anakpawis Partylist before joining UP Asian Center as University Extension Associate in 2008. He now serves as the SENTRA Coordinator for Central Luzon handling cases for farmers in Hacienda Tinang and Hacienda Luisita among others.




## Here are the highlights of their sharing:

### Abigail P. Genito, Plan International, Batch 2002

- She did her Field Instruction Program (FIP) in Pangasinan, during the San Roque Dam struggle;
- After graduation, she worked as a full-time organizer in communities affected by the San Roque Dam construction;
- Emphasized the need to clarify your non-negotiables, which for her were working for the benefit of the most marginalized and the embodiment of CD principles.

### Tyrone Beyer, Philippine Task Force for Indigenous Peoples' Rights, Batch 2003

- Shared that the different community immersions in CD classes helped him in understanding CD discipline;
- He learned about IP issues when CD classes invited speakers from IP advocacy organizations (e.g. Cordillera Peoples' Alliance (CPA), Kalipunan ng mga Katutubong Mamamayan ng Pilipinas (KAMP));
- Shared about IP organizing practice, emphasizing the need to use 'class lens' and recognition of unequal power relations in the community.

### Atty. Gonzalo Sanchez, Jr., Sentro para sa Tunay na Repormang Agraryo (SENTRA), Batch 2001

- Did his FIP in Pangasinan among communities affected by the San Roque Dam construction;
- CD is his foundation in doing lawyering; highlighting the importance of pakikipamuhay; for him people availing of their lawyering services are 'partners' and not 'clients';
- His steadfast commitment for justice despite violence against lawyers.

### Kathryn Manga, Agroecology Exchange, Batch 2003

- She recognized that all her 'achievements' are actually 'collective achievements';
- She emphasized the importance of cultural work and arts in community organizing. Arts is an opportunity to convey complex feelings, synthesize narratives, and counter dominant discourses that promote anti-people ideology;
- Highlighted that development workers are not the star of the show, but the people in the community; “hindi tayo ang main character”.

## Some questions/comments during the Q&A




*Pinadaloy ni Kat. Prop. Devralin Lagos ang bahaginan kasama ang mga alumni ng CD.*

### How to be steadfast in your standpoint when law school pushes you to abandon your principles?

JR recalled that law school was very challenging and different from his CD background. What kept him going was the acknowledgement of the need to have more lawyers who will work alongside oppressed people.

### How to use arts in doing development work (research, community organizing, etc.)?

Manga mentioned that it doesn't need to be grand or to always utilize songs, theatre, dance or visual arts. She cited an example where she mentored fellow development workers in honing their documentation skills using color-guided learning management mechanisms.



*Pagtatanghal nina Prop. Tex Gabo, Kaw. Prop. Justin Nicolas at Edge Uyanguren*

### How to ensure that projects with IPs are appropriate (schools, health projects/services in IP communities)

Tyrone emphasized the need to always plan and work together with IP groups.

To synthesize, the alumni recognized that the pedagogy during their BSCD program (FIP, community immersions, learning sessions with mass organizations and community leaders, etc.) was valuable in honing their CD knowledge, perspectives, skills and attitudes. They also highlighted the important CD principles that they embody in their work—commitment to social justice, empowerment, bias for the poor, pakikipamuhay, humility, continuous passion for learning, and self-reflection, among others. The speakers also gave important consideration in doing community organizing such as keenness on the power relations in the community, value of artistic process, gender perspectives, and development planning by the people. They also identified challenges that they face, including burnout and state violence. Amidst these, they persist because of their dedication to the greater purpose of social transformation work.

# ALAB NG PUSONG MAPAGPALAYA: REDO LANTAW MULTIMEDIA FORUM

## Mga Kwento ng Pag-oorganisa at Paglaban

Sa nagdaang limang taon, ang Research and Extension for Development Office (REDO) ay nagsagawa ng mga proyekto at programa sa saliksik at ekstensyon, at public service. Tampok sa mga programa at proyektong ito ang mahigpit na pakikipag-ugnayan (partnership) sa mga pangmasang organisasyon (people's organizations) at mga marhinalisadong sektor sa loob at labas ng unibersidad sa panahong matindi ang krisis at hamon tulad ng pandemya at lumalalang kahirapan.

Ang Research and Extension for Development Office (REDO) ay isang academic non-teaching unit ng College of Social Work and Community Development (CSWCD. Ito ay itinatag noong Nobyembre 1989 sa pagpapatibay ng UP Board of Regents. Resulta ito ng pagsasanib ng dating Office of Research and Publication (ORP) at Office of Continuing Education and Extension (OCEE) na naglayong palakasin ang integrasyon ng pananaliksik at ekstensyon kasama ang mga katuwang na komunidad. Isinasabuhay nito ang mga teorya ng social development sa konteksto ng kalagayan ng lipunang Pilipino. Tumutugon ito sa paglikha ng mga makabagong istratehiya at gawain. Tinitiyak nito sa praxis na ang gawaing pangkaunlaran ay tunay na makabuluhan at tumutugon sa sitwasyon ng bayan.




*Ipinaliwanag ni Celeste F. Vallejos, kasalukuyang Direktor ng REDO-CSWCD, ang extension at research programs na isinagawa ng REDO mula 2018-2023.*

Sa tema ng Alab ng Pusong Mapagpalaya, inihandong ng REDO ang Lantaw Multimedia Forum kung saan ibinahagi ang iba't ibang kwento ng pag-oorganisa at paglaban na may layuning itanghal ang kolektibong tugon at pagsulong ng mamamayan sa pamamagitan ng mapagpalayang sining, gaya ang participatory video, exhibit, songwriting, at sama-samang pagkilos tampok ang mga boses ng mga katuwang na organisasyon.

### Mga Tampok na Proyekto at Programa sa Saliksik at Ekstensyon

- Ang Maralitang Lungsod sa Gitna ng Pandemya nina Soleil Anniah C. Santoalla at Edgie Francis B. Uyanguren kasama ang Kalipunan ng Damayang Mahihirap (KADAMAY)
- Dumagat Self-Determination Amidst the Pandemic nina Soleil Anniah C. Santoalla katuwang ang KATRIBU Kalipunan ng Katutubong Mamamayan at BAI Indigenous Women's Network
- Mga Kuwento ng pag-oorganisa sa Panahon ng Pandemya nina Celeste F. Vallejos at Valerainne R. Lopez kasama ang KASAMA LR, Samahan ng mga Maralitang Mangingisda ng Santa Elena, Samahan ng mga Mamamayang Nagkakaisa ng Towerville, Anakpawis Old Capitol Site Chapter
- Plucking Strings of Hope and Solidarity nina Edgie Francis B. Uyanguren, Leah B. Angeles and Jo-Ann G. Golfo kasama ang UP College of Music, Philippine Folk Arts Society, Inc. at UP Rondalla
- Kababaihang Mangingisda ng Taliptip, Lambat, PYC Binuangan (Participatory Videos in Fisherfolk communities in Bulacan) - nina Celeste F. Vallejos, Edgie Francis B. Uyanguren at Rose Angelie Manalang Hernandez
- CSWCD Day of Remembrance 2023 Paggunita at Pagtatanghal sa mga Katutubong Tapang at Dangal ng mga Bayani ng Batas Militar nina Soleil Anniah C. Santoalla, Edgie Francis B. Uyanguren at Celeste F. Vallejos kasama ang Kinaiyahan Youth for Climate Justice in Mindanao, Sandiwa Network of Advocates for National Minorities, Concerned Artists of the Philippines
- Paragas Ki & Asdang (Songwriting workshop series for Lumad Bakwit School Graduation) ni Edgie Francis B. Uyanguren kasama ang PFASI at Save Our Schools Mindanao

# ALAB NG PUSONG MAPANLIKHA: CULTURAL NIGHT

On February 28, 2024, the College of Social Work and Community Development (CSWCD) hosted its much-anticipated event, Alab ng Pusong Mapanlikha: Visibility Night, under the vibrant theme of Disco Prom. This event was conceived as a platform to promote visibility and inclusivity within the CSWCD community. It aimed to provide a safe and welcoming space for students to express themselves through various forms of art, fostering a culture of acceptance and celebration of diversity.

The evening kicked off with an electrifying atmosphere as students, faculty, and staff gathered at the venue adorned with colorful outfits, decorations and disco lights. The stage was set for an array of performances that showcased the talents and creativity of CSWCD students.

One of the main highlights of the event was the open mic portion where students had the opportunity to share their stories, poetry,music, and other forms of artistic expression. This segment provided a platform for students to voice their experiences, challenges, and triumphs,fostering a sense of solidarity and understanding within the community.

Throughout the night, the spirit of inclusivity and acceptance permeated the atmosphere, as students embraced each other's differences and celebrated the richness of diversity. The event served as a reminder that everyone has the right to be seen, heard, and valued for who they are, regardless of societal norms or expectations.

Overall, the Visibility Night was a resounding success, serving as a beacon of hope and acceptance within the CSWCD community. Through its celebration of identity, expression, and love in all its forms, the event reaffirmed the college's commitment to fostering a culture of inclusivity and respect for diversity.




Student Council Chairperson Charles JericJabson habang pinangungunahan ang Visibility Night ng kolehiyo

# ALAB NG PUSONG MAPANLIKHA: VISIBILITY NIGHT



















# ALAB NG PUSONG MAGKATUWANG:

## DSW FIP FORUM

Ang ALAB NG PUSONG MAGKATUWANG : Forum and Recognition with Partners ay pinangunahan ng Departmento ng Gawaing Panlipunan noong ika-29 ng Pebrero, 2024.

Ang gawaing ito ay nagbigay ng pagkakataon sa mga mag-aaral, guro at manggagawang panlipunan mula sa iba't ibang pribado at pampublikong ahensya at institusyon na maunawaan ang tunay na kahulugan ng konsepto at prinsipyo ng "Transformative Social Work". Ang programa ay dinaluhan ng isang daan at dalampu't dalawang (122) mag-aaral, guro, kawani at manggagawang panlipunan mula sa labintatlong (13) katuwang sa Field Instruction ng Departamento.

1. Center for Migrant Advocacy;
2. Social Services Development Department - Quezon City;
3. Community Health and Development Program - UP Manila;
4. Samahan ng Mamamayan Zone One Tondo Inc. (SM-ZOTO)
;5. Kaisahang Buhay Foundation, Inc.;
6. Medical Social Service - Philippine Children's Medical Center;
7. ERDA Foundation, Inc.;
8. UP-PGH Medical Social Service;
9. Center for Agrarian Reform and Rural Development (CARRD);
10. Hospicio de San Jose, Inc.;
11. COM (Community Organizers Multiversity);
12. ACAY Mission Philippines, Inc.; at,
13. Foundation for the Development of the Urban Poor, Inc. (FDUP).




*Mga miyembro ng faculty at estudyante ng Social Work sa kanilang Alab ng Pusong Magkatuwang*

Ang kabuuang programa ay masiglang pinadaloy ni Kat. Prop. Glennie Marie Sina-on. Si Kat. Prop. Karleen Mae C. Reodique ang nagtalakay sa mga batayang konsepto at prinsipyo ng Transformative Social Work. Ito ay mas pinalalim pa sa diskusyon ni Kaw. Prop. Gil I. Espenido sa pagtatalakay nito sa loob ng konteksto ng field instruction.

Sa pagpapatotoo ng mga konsepto at prinsipyo ng Transformative Social Work, ang mga mag-aaral na sila Bianca Mae Cipriano at Jhorcy Diamsin ay nagbahagi ng mga karanasan sa kanilang Field Instruction hanggang sa patuloy na adbokasiya kasama ang masa. Si Bianca ay nagbahagi ng kanyang karanasan sa hanay ng mga magsasaka sa kanyang Field Instruction sa Center for Agrarian Reform and Rural Development (CARRD) sa Iloilo. Si Jhorcy Diamsin naman ay ibinahagi ang kanyang patuloy na paglalakbay sa pag-oorganisa ng mga pamilya sa kalsada (street family dwellers) sa Parokya ng Our Lady of Perpetual Help sa Cubao.

Ang mga tagapakinig sa forum ay aktibo ring nakilahok sa open forum kung saan nagkaroon ng makabuluhang talakayan ukol sa mga hamon sa pagsasapraktika ng Transformative Social Work.

Ang mga dumalong katuwang na organisasyon at ahensya ay binigyan ng Sertipiko ng Pagkilala at maliit na handog bilang katuwang ng Departamento ng Gawaing Panlipunan sa Field Instruction sa nakalipas na limang (5) taon. Sa panghuling pananalita ni Kat. Prop. Rosalie Quilicol, tagapangulo na Departamento ng Gawaing Panlipunan, sinabi niya na sana ay naging inspirasyon ang talakayan tungkol sa Transformative Social Work para sa mga mag-aaral at organisasyon na naroon at sana ay maging katuwang din sila sa pagpapalaganap ng Transformative Social Work Practice sa hinaharap.

# ALAB NG PUSONG PEMINISTA: PJSD 16

Inilunsad ang ika-16 na isyu ng Philippine Journal of Social Development (PJSD) na may temang "Feminist Pleasures: Building Intersectional, Inclusive, and Transformative Societies" noong ika-29 ng Pebrero, 2024 sa Bulwagang Tandang Sora. Pinangunahan ang isyung ito - na nakatutok sa patuloy na pag-inog ng usaping pangkasarian - ng Departamento ng Aralin Ukol sa Kababaihan at Kaunlaran (DWDS).

Nagbigay ng mensahe si Prop. Emerita Rosario del Rosario, na nagsilbing pagbalik-tanaw sa pag-usbong ng DWDS at pagkilala sa tinatahak at haharapin nitong mga pagsubok at pagkakaton sa pagsulong bilang isang peministang institusyon sa konteksto ng akademya.

Pinangunahan ni CSWCD Dekana Lenore Polotan-dela Cruz, kasama ang editor ng isyu na si Kaw. Prop. Rowena Laguilles-Timog, at ng tagapamahala ng isyu na si University Researcher Valerainne Lopez ang pagkilala at pagbigay-karangalan sa mga awtor sa likod ng pitong inilathalang artikulo.

Si Kat. Prop. Irish Joy Deocampo naman ang nagpadaloy ng research forum, kung saan tinalakay ang mga proseso ng pananalaksik at mga natuklasan ng mga awtor sa kanilang pag-aaral.

Samantala, pinaunlakan ng drag performer na si Dominota ang programa ng kanyang masigabong mga pagtatanghal.

Bilang pagsasara, binigyang-diin ng Tagapangulo ng ng Departamento ng Aralin Ukol sa Kababaihan at Kaunlaran na si Kat. Prop. Sabrina Laya S. Gacad ang kahalagahan ng pagkilala sa leasure - kaligayahan, landi, pagnais, mithiin - bilang sentral na konsepto sa usaping pangkaunlaran.

Si Ram Cruel, mag-aaral ng MA (Aralin Ukol sa Kababaihan at Kaunlaran), ang naging punong tagapagpadaloy ng programa, na dinaluhan ng higit 90 na mga bisita, mag-aaral, guro, at kawani.

Ang sumusunod na pitong artikulo ang mababasa sa PJSD 16:

1. "Older Filipino Women's Experiences of Aging Womanhood and Sexuality" ni Angeli Fleur Nuque;
2. "Women with Disabilities' Access to Sexual and Reproductive Health and Rights during the COVID-19 Pandemic" nina Gaizel Arguelles Adan, Alyanna Yzabelle A. Tamayo, at Michelle Chua;
3. "Dalaw: Ang pagiging taga-labas ng mga magulang sa kanilang mga anak na nasa Bahay Pag-asa noong panahon ng COVID-19" nila Justin Francis Leon V. Nicolas at Kristine Analiza P. De Vera;
4. "Juggling or Sailing through Everyday Life?: Understanding the Lived Experiences of Filipino Mothers as Online Freelancers and Outsourced Workers" ni Rafaella R. Potestades;
5. "Intersectionality in the Experience of Select Filipino Drag Queens during the COVID-19 Pandemic" nila Jorelyn Martina R. Viray, Cailla Marie R. Castro, Gianna Clara U. Cabochan, Jannina Francesca A. Capco, at Queen Mary G. Baladad;
6. "Bah GAD, it's ...!: A Gender and Development (GAD) Analysis of the Philippine Professional Wrestling Industry, 2016-2021" ni Danielle Erika A. Hill; at,
7. "The Case of #HijaAko and What Digital Feminist Activism Means for the Filipina Identity" ni Francie Kaye B. Sabalza.

Maaaring mabasa at ma-download nang libre ang buong isyu mula sa CSWCD website, at sa URL na: https://cswcd.upd.edu.ph/knowledge-hub/philippine-journal-of-social-development/philippine-journal-of-social-development-volume-16-2023/




*Paglunsad ng PJSD Volume 16 na pinangunahan ng DWDS at REDO*

# ALAB NG PUSONG NAGKAKAISA:

## DSW FELLOWSHIP WITH ALUMNI




Ang mga alumni at mga kasalukuyang guro ng Department of Social Work

Ang ALAB NG PUSONG NAGKAKAISA: Alumni Fellowship na ginanap noong ika-29 ng Pebrero, 2024 ay pinangunahan ng Departamento ng Gawaing Panlipunan.Ito ay pagsasama ng mga nagsipagtapos ng Gawaing Panlipunan (Social Work) sa CSWCD. Ang gawaing ito ay nagsilbing pagkakataon ng mga alumni, kasama ang mga guro ng Departamento, na magbalik-tanaw sa mga naging karanasan nila sa Kolehiyo. Sa pagbabahagi ay natalakay rin ang mga posibilidad na patuloy na ugnayan sa pagitan ng mga alumni at ng Departamento.

Si Kat. Prop. Glennie Marie Sina-on ang masigasig na nagpadaloy ng programa kung saan nagkaroon ng mga gawaing nagpasaya at nagpaalalang muli sa mga makabuluhang karanasanan ng mga alumni. Ang mga dumalo ay nagmula sa mga pribado at pampublikong mga ahensya at mga akademikong institusyon. Si Prop. Lenore Polotan-Dela Cruz, Dekana ng Kolehiyo, ay nagbigay ng pambungad na pagbati kung saan siya ay nagpasalamat sa mga alumni sa kanilang muling pagbabalik sa Kolehiyo. Binigyang diin niya ang mahalagang kontribusyon at gampanin ng mga alumni sa patuloy na pagpapaunlad ng Kolehiyo at isa na rito ang pagsuporta sa mga scholarship program para sa mga mag-aaral.

Ang gabi ay napuno ng tawanan gayundin ng mga pormal na usapan sa mga gawain na maaari pang magpalakas at magpaigting ng grupo o samahan ng mga alumni. Sa huli, si Kat. Prop. Rosalie T. Quilicol, Tagapangulo ng Departamento, ay muling nagpasalamat sa lahat ng mga dumalo. Humingi rin sya ng suporta sa mga dumalo at hiniling na sana ay patuloy silang makilahok sa mga susunod pang mga programa at gawain ng Kolehiyo.

# ALAB NG PUSONG NAGLILINGKOD:
## SERVICE AWARD



*CSWCD Service Awardees kasama ang kanilang pamilya at ang CSWCD community*

Ang huling araw ng Linggo ng CSWCD 2024 ay nilaan para sa pasasalamat sa walong mga kaguruan, REPS at kawani na naglingkod ng 10 hanggang 35 taon! May temang 'Alab ng Pusong Naglilingkod', sina Kat. Prop. Karleen May C. Reodique at Kat. Prop. Jenny Lyn Reyes ang nagpadaloy ng programa.
Binalikan ni Prop. Aleli B. Bawagan sa kanyang pambungad na pananalita ang mga naganap sa nakalipas na apat na araw: ang dalawang forum para sa matatapang at matapat na mga babae na sina Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay at Sen. Leila de Lima; ang mga talakayan ng mga akademikong yunit kasama ang mga alumni, mga field partners at mga mag-aaral; ang dalawang gawain na pinangunahan ng Student Council; at ang buong linggong tiangge.

Binigyang pansin niya ang mga binanggit ng mga service awardees na mga dahilan kung bakit sila ay nagpapatuloy ng paglilingkod sa kolehiyo. Una dito ay ang patuloy na pagkatuto sa kanilang linya ng mga gawain; nasisiyahan sila kapag may mga nakakaharap na mga bagong hamon. Ikalawa, nagpapasalamat sila sa mga pagkakataon na sila ay makalabas ng kolehiyo upang magsanay at magkaroon ng fellowship sa mga kapwa kawani. Hindi lamang puro trabaho at papeles ang kanilang hinarap; may panahon din na nakapunta sa mga lugar na hindi nila karaniwan nabibisita tulad ng Camiguin. At ikatlo, nagpapasalamat din sila sa turingang kapamilya sa loob ng kolehiyo, partikular sa tulungan at bayanihan sa panahon na may mahigpit na pangangailangan.

Si Ret. Prop. Thelma Lee Mendoza, mas kilala bilang TLM, ay nagpaunlak na maging panauhing pandangal. Ayon sa kanya, mahalaga ang pagbjbigay ng service awards. Pinapahalagahan nito ang panahon na binigay ng mga awardees sa kani-kanilang gawain sa kolehiyo. Bukod dito, kinikilala din ang mga naging ambag nila sa pagkamit ng kolehiyo ng mga layunin nito bilang isang institusyong pang - akademiko.
Hindi lamang simpleng pagseserbisyo ang ginagawa nila. 'It is taking action to create value for someone else; it it a lifelong commitment to help others to a better life, to higher standards'.
PInaalala ni TLM sa lahat ang ibig sabihin ng UP Oblation na nagpapakita ng paghahandog ng sarili para sa bansa. Ang kanyang payo ay magpatuloy ng mabuting gawain kahit walang nakatingin, paghusayin ang trabaho at maging modelo para sa iba.
Sa pagtatapos, binahagi ng TLM ang isang natutunan niya mula pa ng kanyang kabataan – It is not the thing you do dear, it is the thing you leave undone which gives you a bit of heartache, at the setting of the sun.
Sa pagtanggap ng mga plaque at orchid mula kina Dean Tata at Prop. TLM, naging madamdamin ang mga awardee. Pinahalagahan nina Jeng at Karleen ang kasaysayan ng bawat isa, ganoon din ang mga di malilimutang karanasan at ang kanilang mga pangarap para sa sarili at sa kolehiyo.
Unang tinawag ang apat na mga guro at kawani na nakapaglingkod ng sampung taon – sina Michelle Olive Cinco, Kat. Prop. Hazel C. Lamberte, Valerraine Lopez at si Reme Lynne Trillanes. Sinamahan sila sa entablado ng kanilang mga mahal sa buhay at mga kasamahan sa opisina.



CSWCD Service Awardee Monet Manaay kasama ang kanyang kabiyak at mga staff ng CSWCD Library

### ITO ANG ILAN SA MGA BINAHAGI HINGGIL SA KANILA.

Si Michelle Olivia M. Cinco, o Olive sa ating lahat, ay nagumpisang maglingkod sa UP at sa CSWCD noong Marso 2013 bilang Admin Aide 5 sa library. Dito siya maglalagi mula Marso 2013 hanggang Oktubre 2019. Nobyembre 2019 naman noong siya'y lumipat sa Student Records Office o SRO bilang Admin Assistant 2. Ilan sa dimalilimutan ni Olive sa kanyang pagiging bahagi ng CSWCD ay ang kauna-unahang pagsakay sa eroplano noong nagpunta ang Admin sa Camiguin noong 2015 at ang pagsusuot ng Filipiniana sa panahon ng College Recognition!

Ayon sa kanyang mga kasama, si Olive ay masipag, mabait, mapagkumbaba, masinop, at pasensyosa. Di rin siya madamot magbahagi ng kanyang mga kaalaman at kasanayan. Siya rin ay maaasahan lalo na sa mga "peak moments" ng trabaho gaya sa registration. Nagtapos siya ng BS Business Administration Management sa St. Joseph's College Quezon City noong Marso 2020. Isa sa kanyang pinapangarap ay makakuha ng CSC Professional Eligibility nang siya'y magkaroon pa ng pagkataong magampanan ang mga mas malaki pang mga gawain at responsibilidad.

Si Kat. Prop. Hazel Cometa-Lamberte ay nag-umpisa sa CSWCD noong Nobyembre 2014 bilang guro ng NSTP. Di kalaunan, naging substitute faculty siya ni Kat. Prop. Justin Nicolas; sa ngayon siya ay Kat. Prop. 7. Nagtapos siya ng BS Social Work mula sa Central Philippine University, Iloilo City noong 1997 at ang kanyang Masterado sa Social Work sa CSWCD noong 2008. Sa ngayon, tinatapos niya ang kanyang PhD sa Philippine Studies, UP Diliman.

DI niya malilimot ang pagkakataon na mag-host ng CSWCD 50th anniversary, ang mga natanggap na gawad ng "Sikhay Kilos sa DZUP1602" kung saan siya ay isa sa mga host, at ang mga field placements ng kanilang mga mag-aaral. Tampok din ang mga nadaluhan niyang mga kumperensiya sa nakalipas na sampung taon. Umaasa siyang makapagtapos ng kanyang PhD, maging mas mahusay pa na guro ng departamento, maging mentor sa kapwa CSWCD faculty at students, at makapagsulat ng aklat tungkol sa Philippine Child Welfare and Protection at Social Work in the Philippine Setting.

Si Bb. Valeraine R. Lopez, o mas kilala ng kolehiyo bilang Val, ay kasalukuyang University Researcher II sa opisina ng REDO. Nagsimula siya sa UP noong 2009 bilang graduate assistant sa Office of Community Extension Services sa College of Home Economics, kung saan din sya nagtapos ng kursong Home Economics. Noong 2013, nakapasok siya sa CSWCD bilang University Extension Associate II.

Hindi niya malimot ang mga sumusunod: pagdodocument ng isang 4-araw na training na natapos na, bilang baptism of fire; at, ang pangunguna ng REDO para sa kick off program ng 50th anniversary celebration ng CSWCD kung saan na-assign siya sa teknikal na gawain. Sa huling gawain, kinailangan aralin ni Val ang ibat'ibang audio visual equipment. Ito ang kanyang pangarap: "I hope to be a good person and a professional in what I do. At the same time, I hope to lead a balanced, quality life. I hope to leave a lasting impression sa mga taong nakakasalamuha. Sabi nga, "people will not remember you for what you said or do, but rather how you made them feel".

Si Bb. Reme Lynne Trillanes, mas kilala bilang Len, ay nagtapos sa UP Baguio ng kursong BA Social Sciences, at ang kanyang specialization ay Psychology at Sociology. Pumasa si Len ng Civil Service Professional exam noong Oktubre 2013; at nag-umpisa siya bilang non-UP Contractual sa CSWCD noong pa-retiro si Ate Cris ng Admin. Noong 2015, siya ay naging Senior Administrative Assistant I.

Mahalaga para kay Len ang mga karanasan na nagbibigay ng sense of community. Ilan sa mga ito ay ang pakikilahok sa lantern parade, paghahanda para sa recognition program, outings ng staff sa Zambales at Camiguin. Naging Admin Coordinator din siya ng siyam na buwan, at Building Coordinator ng ilang taon. Pangarap niya ang pagkakaroon ng isang magandang kolehiyo. Para sa kanya, mas mapapabuti nito ang karanasan lalo na ng mga mag-aaral. Mahalaga din ang conservation ng green spaces sa Kolehiyo at integration ng sustainable practices sa paligid at mga gusali. Bilang admin staff, layunin ni Len na magkaroon ng kapaki-pakinabang na ambag sa mga adhikain ng Admin Office gaya ng operational efficiency at kahusayan sa paglilingkod o service excellence.

Sunod naman na tinawag ang mga naglingkod ng 20 taon – sina Kaw. Prop. Yolanda Ealdama at si Kat. Prop. Rosalie Quilicol.

Si Kaw. Prop. Yolanda G. Ealdama, o Yolly, ay inimbitahang magturo ng Women and Gender and Social Work ni Prop. Mangubat. Di kalaunan, tinanong siya kung interesado siya magfulltime sa pagtuturo. Nasa isang NGO siya noon kung saan ang kanyang gawain ay adbokasiya sa UN General Assembly para sa UN Declaration on the Rights of Migrant Workers and their Families at sa pagpapalakas ng mga samahan ng mga migrante sa iba't ibang dako sa Asya. Tinanggap niya ang gawaing pagtuturo at sa loob ng 20 taon, nanatili sa Mam Yolly sa CSWCD pangunahin dahil sa field instruction; masaya siyang pumupunta sa iba't ibang mga pamayanan at ahensiya.

Nagretiro na si Mam Yolly noong Disyembre 2023 at ayon sa kanya, "Naniniwala ako na ang buhay ay may maraming yugto at dumating ako sa punto na kailangan ko nang humakbang sa isang yugto. Ano ang plano ko? Plano kong pumunta sa isang "off grid" na lugar. Kung saan ang musika ay ang huni ng mga ibon at mga kulisap; kung saan ang ilaw ko ay mga bituin, buwan at mga alitaptap;kung saan ang tubig ay galing sa malinis na batis; yung mga pagkain ay pinipitas sa paligid lamang at kung saan ang oras ay gugugulin ko sa pagdarasal sa kapayapaan ng buong mundo."

Si Kat. Prop. Rosalie T. Quilicol, o Sally, ay nag-umpisa magturo sa DSW noong 2003. Sa loob ng 20 taon, ilang admin positions na din ang kanyang nagampanan - Field Instruction Coordinator at ang pagiging Chair ng Departamento. Naging miyembro din siya ng DRR Committee ng CSWCD kung saan



CSWCD Service Awardee Dean Tata kasama sina Thelma Lee Mendoza, Paul Edward Muego, John Erwin Banez, Jennie Lyn Reyes at ang kanyang pamilya.

naging aktibo sila sa pagseguro ng Culture of Safety sa kolehiyo. Di niya malimot ang disaster response na Timba-Timbang Pagsikhay noong 2009 kung saan nagbukas ito ng pinto para makasama siya sa gawaing DRRM efforts ng UP Padayon. Isa din siya sa mga guro na nagsupervise ng mga mag-aaral sa Leyte para sa DRR response para sa naapektuhan ng bagyong Yolanda. Umaasa si Mam Sally na muling maging Center of Excellence in Social Work ang departamento at mapanatili ang 100% passing rate sa SW licensure exam.

Ikapitong tinawag si Monilita O. Manaay na naglingkod na ng 30 taon.
Si G. Monalita Olaguer Manaay, o Monette, ay pumasok sa CSWCD noong 1992 at naging permanente noong 1993. Nag-umpisa siya bilang Clerk 1 pagkagraduate niya ng Jr Secretarial sa New Era University at Christian Education Bible College sa Quezon City. Di malimot ni Monette ang kanyang interview kay Ka Lito na siyang Dekano noon. Naging secretary si Ate Monette kay Ka Lito kahit pa ilang taon na ang nakalipas ng pagtatapos ng kanyang termino bilang dekano at full-time faculty.

Maliban sa masasayang pagsasama kasama ang mga guro, staff, mga mag-aaral ng kolehiyo na naging kabahagi nang pang-araw na araw na buhay ni Monette sa loob ng 3 dekada, memorable din para sa kanya sina Prof. Karina David, Prof. TLM, at Dean Amar na mga bigating professor dito sa college. Bukod dito, hindi rin makakalimutan ni Ate Monette ang suportang ibinahagi at patuloy na ibinabahagi ng komunidad ng CSWCD sa kanya at sa kanyang pamilya. Sa nalalapit na retirement, more or less in the next 14 years, tanging hiling ni Ate Monette na maseguro ang edukasyon ng kanyang tatlong anak.

Ang huling awardee ay si Dean Tata na nakapaglingkod ng 35 taon. Nasorpresa si Dean Tata nang ang kanyang anak na si Talna ang nagbahagi ng kasaysayan at mga karanasan ni Dean. Dumating din ang kanyang dalawang apo na nag-alay ng mga bulaklak.

Si Dean Tata ay nagtapos bilang cum laude ng BS Community Development noong 1980. Sa ISWCD noon siya nagsimula bilang Training Assistant sa Office of Continuing Education mula 1982 at nagturo bilang Instructor mula 1988 at nakamit ang pagiging ganap na propesor noong 2019. Sa loob ng mahigit tatlong dekada bilang faculty, ipinakita ni Dean Tata ang mataas na pamantayan ng gawaing pang-akademiko at administratibo sa iba't ibang posisyon at tungkulin na kanyang ginampanan sa loob at labas ng CSWCD.

Bilang guro, makikita sa pedagohiya ni Dean Tata ang mahusay na balanse ng teorya at praktika. Malawak ang kanyang karanasan at kaalaman sa pamumuno sa mga curriculum reviews, pagrevise ng UP Diliman Faculty Manual, pangunguna sa pagsusulat ng Field Instruction Program Manual ng Department of Community Development, pagiging referee ng iba't-ibang journals, at pagtayo bilang mentor at adviser, hindi lang sa mga mag-aaral pero pati sa mga kasamahang guro lalo na sa mga junior faculty, kasama na rin ang mga kawani at REPS ng kolehiyo.

Bilang pagkilala sa kanyang di-mapapantayang talino at husay, ilan lamang sa mga karangalang iginawad kay Propesor Polotan-dela Cruz ay ang Outstanding Researcher Award mula sa CSWCD at ang One UP Professorial Chair Award in Community Development for Outstanding Teaching and Public Service.

At nitong Hulyo 2022, buong tapang at buong puso niyang tinanggap ang hamon ng pagiging dekana sa gitna ng malalaking hamon na kinakaharap ng lipunan, ng unibersidad, at ng kolehiyo. Sa halos dalawang taong pamumuno bilang Dekana, patuloy na ipinapamalas sa atin ni Dean Tata ang buhay na buhay at nag-aalab na pusong paglilingkod sa unibersidad at sa pamayanan.

Hinandugan ng REDO ang mga awardees ng isang ispesyal na video. Kumanta naman si Edge Uyanguren ng 'Bayan ko" at nagduet sila ni Valerraine Lopez para sa kantang 'Wagas na Paglilingkod'.
Nagbahagi sina Kaw. Prop. Yolanda C. Ealdama at Monilita O. Manaay ng kanilang mga karanasan at aral sa mahabang panahon ng paglilingkod sa kolehiyo.
Si Kaw. Prop. Paul Edward Muego ang nagbigay ng pangwakas na mga pananalita. Sinuma niya sa limang salita ang mga aral mula sa mga naganap sa buong Linggo ng CSWCD 2024. Ito ang KGPPP: Komunidad; Gawaing pagtuturo, saliksik at ekstensyon; Pagpapahalaga; Pagdiriwang, pagsasaya, at pasasalamat; at, Paglilingkod. Ang mga letrang ito ang bumubuo rin sa Kolehiyo ng Gawaing Panlipunan at Pagpapaunlad ng Pamayanan. Pinangunahan naman ng walong service awardee ang pagkanta ng UP Naming Mahal. Pinagsaluhan ng lahat ang isang masarap na pananghalian.



*Sabayang pag-awit ng UP Naming Mahal sa pagtatapos ng College Week 2024.*

FEATURE:

# DSD@15 SA DIBDIB MO'Y BUHAY




*Pagbibigay ng sertipiko ng pagkilala sa mga DSD alumni na nagbahagi ng kanilang biyaheng DSD.*

Gabi ng Pebrero 27, 2024 naganap ang pagtitipon ng mga mag-aaral at alumni ng DSD na ginanap sa Bulwagang Tandang Sora (BTS). Mga bandang 4:30 nang magsimula nang maghintay sina Mila Asunsion at Carl Castro (na mga mag-aaral ng SD 399) sa CSWCD walkway upang samahan ang mga dadalo sa pagtitipon na bisitahin ang exhibit sa silid-aklatan ng CSWCD. Sa loob ng DSD Reading room nakapaskil ang sampung poster presentation ng piling disertasyon sa DSD. Kung kaya naman, nagkaroon na ng paunang fellowship sa DSD Reading Room ang mga mag-aaral kasama si Diane Bernardo. Ilang saglit pa at nagdesisyon na ang mga nagtipon sa DSD Reading Room na umakyat na sa BTS.

Nang makumpleto na ang mga tagapagsalita ay nagsimula na rin ang programa sa pangunguna ni Mila Asuncion. Narito ang pagkasunod-sunod ng mga tagapagsalita:

- Pambungad na Pananalita ni Dekana Lenore Dela Cruz
- Paghahanda ng Tono ng pagtitipon ni DSD Director Justin Nicolas
- Pagbabahagi ng karanasan ng biyaheng DSD ng mga Alumni: Dr. Excelsa "Etchel" Tongson, Dr. John Erwin Banez, at Dr. Diane Marie C Bernardo
- Pangunahing pananalita ni Propesor Emeritus Dr. Amaryllis Torres
- Mensahe sa Awit ni Mark Fellizar
- Mga Mensahe mula sa mag-aaral ng DSD: Leizel P Lectura, Carly Francis T. Castro, at Efren "Jon" G. Arieta Jr.

Sa dulo ay pinalabas muli ang video presentation ng DSD@15 kasama ang mensahe nila Dr. Nilan Yu para sa mga mag-aaral ng DSD at mga pagbati ng ilan pang alumni na sina Dr. Rowee Joy Decena, Dr. Dunstan Egar, Dr. Carol Carolino-Prieto, Dr. Meredith Labarda, at Dr. Melanie Reyes-Carambas.

Kinilala din ang mga naging miyembro ng DSD committee noong 2023.

Si Dr. Paul Muego, Kalihim ng Kolehiyo na nagtapos din ng DSD, ang nagbigay ng pangwakas na pananalita.
Pinagsaluhan ng mga dumalo ang mga pagkain na handog ng kolehiyo at kontribusyon ng mga mag-aaral bilang tugon sa panawagan ni Jon Arieta sa potluck.

Sa pagbabahagi ni Dr Amaryllis Torres, binalikan niya ang kasaysayan ng pagkabuo ng DSD Program. Nabuo ang ideya na magsimula ng programang doktorado noong 1989 mula pa sa panahon ni Dekana Josefina Pineda, ngunit sa panahon ni Dekano Romeo Quieta nabuo ang komite na sumulat ng proposal at naaprubahan sa Social Science Curriculum Committee bilang PhD in Social Development. Sa pangunguna ni Dekana Amaryllis Torres, naaprubahan ang proposal noong 2007 ng UP Advisory Council na nagseguro na wala itong katulad na ibang programa sa listahan ng mga kurso ng Unibersidad ng Pilipinas. Noong December 15, 2008, inaprubahan ng University Council ang programa sa tawag na

Doctor of Social Development. Inaprubahan naman ng Board of Regents ang DSD Program noong January 28, 2009.

Binalikan ni Dekana Amar ang mga disertasyon ng DSD at nakita niyang ang karaninwang tema ay ang paggamit ng perspektibong mula community organizing-community development (CO-CD) sa mga konseptong SD, mga stratehiya at mga proseso nito. Gumagamit din ang mga pag-aaral ng feminist perspective. Pinakita na ang pagsusulat ng disertasyon sa DSD ay nagbibigay ng platform upang makilahok sa diskurso ng pagpapaunlad at sa grounded theorizing. Hinamon niya ang mga mag-aaral ng DSD na maglathala ng mga artikulo habang sila ay mag-aaral pa lamang bilang paghahanda sa pagpapalalim ng kanilang mga pag-aaral. Binahagi din niya ang ilang kinakaharap ng pagsubok ng DSD tulad ng pagreretiro ng mga dating tagapagturo ng mga kursong SD at paghahanda ng mga mas batang tagapagturo, ang pagpapadami ng mga nagpapatalang mag-aaral sa DSD, ang pagrebisa ng kurikulum, at ang pagtatalaga sa DSD bilang pag-apat na departamento sa CSWCD.

**Ito ang mga tugon ng mga mag-aaral ng DSD hinggil sa binahagi ni Dekana Amar:**

### LEIZEL LECTURA

Bilang kawani ng HRDO at mag-aaral ng DSD, nagagamit ko ang aking kaalaaman sa Social Development sa:

- Pagmumulat ng kaalaman, kasanayan at angkop na gawi pati na rin paggamit ng teknolohiya para sa pagpapaunlad ng aming trabaho sa HRDO;
- Boluntaryong kumikilos at nakikibahagi sa pagpapalakas at pagsandig sa mga vulnerable sector ng ating Lipunan. Tayo po ay nag oorganisa, nagmumulat at nagpapadaloy ng mga development opportunities na naglalayong paunlarin ang kanilang pamumuhay at mulatin ang kanilang kritikal na kaisipan na may kinalaman sa kanilang mga karapatan at mga isyung panlipunan.
- Pakikipag-ugnayan at Pagpapalakas ng lokal na pamahalaan at komunidad, gayundin sa mga organisadong grupo na makakatulong sa pagsusulong ng ating mga adhikain.

**Ang mga nakikita kong oportunidad sa DSD:**

Teknolohiya para sa Pagbabago: Ang teknolohiya ay mahalagang sandata na maaari nating magamit sa paghahatid ng serbisyo sa mga liblib na lugar at mabilis na pagresponde sa mga suliranin at pangangailangan ng ating mga kababayan.

- Pagbabago sa Patakaran (Polisiya) at Pampublikong Serbisyo at Programa: Kakailanganin ang ating kaalaman at kasanayan para mapahusay ang mga patakaran at serbisyong pampubliko.
- Pagpapalakas ng Komunidad: Sa gitna ng mabilis na pag-unlad, hindi natin dapat kalimutan ang mga kapwa nating nasa laylayan. Ang ating kakayahan na mag-organisa at magpapalakas ng mga komunidad ay magiging susi sa paglikha ng isang mas patas at maunlad na lipunan.

### JON ARIETA

I am truly grateful as a student. While our class went for a field study, Dean Amar asked me what I intended to write in view of completing the program. I answered with both embarrassment and sincere joy. Ang sabi ko "Ang totoo po hindi ko pa makita ang ending ng program. Masaya pa po ako umattend ng classes at makinig sa mga lectures. Madami pa sana ako gusto marinig na professors." I want to thank everyone in DSD and CSWCD for making each class a special experience. I am inspired and impassioned. It is my honor to be rooted and connected to the heart of DSD. I would like to say to Dean Amar that we will carry with us the passion and vision you have for DSD.




*Mga estudyante, alumni at guro ng DSD, kasama si Dean Tata*

### CARL CASTRO

My heart is brimming with conviction and gratitude for the tireless efforts of social development workers/professionals not only here in the Philippines but also worldwide. You are the architects of change, the champions of progress, and the guardians of hope in a world too often plagued by inequality and change. Your work transcends borders, cultures, ideologies, for you recognize that the pursuit of social justice knows no bounds. Bilang nanggaling sa mundo ng turismo at kasalukuyang mag-aaral ng DSD, gusto ko rin pong maging katulad niyo. Gusto ko rin pong tahakin ang inyong landas patungo sa isang lipunang pantay at makatarungan. I would say that being here in this profession is a universal calling, a moral imperative that demands our unwavering dedication.The future for social development is very clear. Our work is far from over. As we gather here today, let us reaffirm our commitment to the noble pursuit of social justice. Let us pledge to stand in solidarity with the marginalized, to amplify their voices, and to advocate tirelessly on their behalf.

Maliban sa mga tagapagsalitang sila Excelsa "Etchel" Tongson, John Erwin Banez, at Diane Marie C. Bernardo, kasama sa mga dumalong alumni sina Prop. Nathalie Verceles, Prop. Teresita "Titanne" Barrameda, Kaw. Prop. Rowena Laguilles-Timog, at Kaw. Prop Paul Muego.
Kasama sa mga dumalong mag-aaral sina Rosalie Quilicol, Victor Obedicen, Thelma Magcuro, Mila Asuncion, Mark Fellizar, Arlene Gella, John Alster Soriano, Noemi Morfe, Lourdes Turiano, Lucia Tangi, Jonan Geronimo, Claire Berja, Josephine Bagriel-Bannag, at Karl Comilng.

Ang programa ay nabuo sa pagtutulungan ng DSD committee (Justin Nicolas, Aleli Bawagan, Rowena Laguilles-Timog, at Angelito Meneses) at sa tulong ng katuwang na mag-aaral Hazelle Catena.




*DSD Program Director Justin Francis Leon V. Nicolas, PhD., Prof. Emeritus Amaryllis T. Torres, PhD., at Dekana Lenore Polotan- dela Cruz*

FEATURE:

# Master of Arts in Women and Development (MAWD) 35th Anniversary

## College of Social Work and Community Development Week 2024

The Master of Arts in Women and Development Studies (MAWD) marks its 35th anniversary alongside the College Week celebration of College of Social Work and Community Development (CSWCD).

In line with the celebration, the Department of Women and Development Studies (DWDS) invited four of our Foremothers - former Deans and current professors, who continuously contribute to fostering the scholarship and advocacy of the department. Professor Emeritus Rosario Del Rosario or fondly known as Ma'am Sario, gave an inspiring video message followed by the program proper.

Foremothers who were invited to give their insights, herstory, and vision for the department were former Dean Amaryllis Torres or Dean Amar, Dean Rosalinda Ofreneo or Dean Inday, Dr. Titanne Villamor-Barrameda or TVB. Atty. Twyla Rubin, an alumna of MAWD and current officer in charge of the Commission on Human Rights Gender Equality and Women's Human Rights Center, also joined the panel. When asked to share the origins of the DWDS, the professors talked about bridging the community organizing work of women's organizations and feminist organizations, with an academic practice of analyzing the role and power of women in relation to democratic and development processes. The professors talked about the challenges in the university and in broader society, and the inclusive and collaborative efforts with grassroots organizations and academics. Atty. Twyla talked about the importance of learning feminist approaches to development and democracy and how this has supported her role in the CHR to expand spaces for grassroots participation in human rights concerns.

The speakers highlighted the emergence of scholarship (WD) from women's movements. All three shared their personal experiences while building the program from the ground up. In succession, Dean Amar and Dean Inday discussed the issues surrounding the program then and highlighted the root of the program was the condition of women during the 80s. How their conditions shaped the desire to create and promote the gender-responsive, women-led institution that is the DWDS today. Dean Inday and TVB spoke comprehensively of the value of feminist organizing in the herstory of DWDS and the principle of feminist grassroot organization build-up. Atty. Twyla added insights to the complementarity of feminist grassroots organizing to human rights processes. They rallied the crowd to be as excited as they were in continuously changing and forefronting the advocacy and scholarly work of DWDS. Guided by the principles of the department, as it is steadfast in honoring the past, taking hold of the present, and working collectively towards a community where women and people with diverse identities are fully and gently realized.

The DWDS panel also inspired more conversations at the department level about the importance of connecting with former and retired faculty members and alumni and engaging them in the documentation of the history of the department.


PARTICIPATORY VIDEO PRODUCTION


FELLOWSHIP
WITH ALUMNI


ALAB NG PUSO
College Week 2024
CSWCD






OPEN FORUM




ALAB NG PUSO







Prof. Emeritus Sylvia E. Claudio, dating Senador Leila de Lima, at Dean Lenore Polotan-dela Cruz

# ALAB NG PUSONG MALAYA:

## SEN. LEILA DE LIMA LECTURE

Alab ng Pusong Malaya ang tema forum nitong Miyerkules ng umaga, 28 Pebrero. Panauhing pandangal si Sen. Leila de Lima na nakalaya noong Nobyembre 2023, pagkatapos ng halos pitong taong pagkakulong (6 taon, 8 buwan, 21 araw o 2,464 na araw). Sa kanyang pagpapakilala sa panauhing pandangal, masayang inalala ni Prop. Claudio ang mga araw na sila ni Sen. Leila ay nakakapagkwentuhan habang siya ay bumibista sa kulungan. Nakita niya ang tapang ng senador sa harap ng mga hamon na sinusuong sa bawat araw na di malaya.

Buong giliw na nagkuwento si Sen. Leila sa kanyang mga pagmumuni-muni hinggil sa mga usaping demokrasya, kalayaan, impunity, at rule of law. Masigla siyang nagbahagi sa harap ng mga guro, kawani at mga mag-aaral ng kolehiyo, na kanyang tinawag na mga 'next generation of leaders and advocates'.

Kahit sa mahabang panahong pagkakulong, mahigpit pa din ang kanyang pagtangan sa kahalagahan ng demokrasya at rule of law. Ayon sa kanya,

*"... democracy is a living, breathing ideal, that presides in the hearts and minds of people. It is a collective power of ordinary citizens to come together, to organize, to advocate for change, and to hold those in power accountable for their actions.... It is a fundamental pillar of society ... It is about the protection of human rights, the rule of law, and the empowerment of all individuals that participate in the decision-making proct affect their lives... need to highlight the constant struggle to safeguard democracy, we must remain vigilant in identifying various mechanisms used to undermine it."*

*"People often ask me, after everything you have been through, why do you still believe in democracy and the rule of law? Despite the injustices I have endured, I still believe in democracy and the rule of law because I have seen first-hand the transformative power of these principles. I have witnessed how they can empower ordinary citizens to demand accountability, challenge oppression, and affect meaningful changes in society. Democracy at its core is about the empowerment of people. The idea that every individual has a voice and a stake in shaping the future of the country. It is about ensuring, that power is not concentrated in the hands of the few. But distributed among the many, that every voice is heard and valued."*

*Mahusay na nakapagbahagi si Sen Leila ng kanyang karanasan. Sa pamamagitan nito napagnilayan ko na ayaw na natin maulit ang karanasan ng pagkakulong kahit kanino dahil sa mga pinaglalabang adbokasiya. Malinaw na kailangan tuloy tuloy ang mga adbokasiya natin, mapalakas ang boses para sa mga panawagan laban sa red-tagging at iba pa.*

**-Kat. Prop. Teresa Prondosa, DSW**

Mahalaga ang mensahe na kanyang iniwan sa mga mag-aaral:
*" As future social workers, you have the privilege and responsibility to stand in solidarity with the marginalized. To amplify their voices, and to advocate for policies and activities that uphold their rights and dignity. Your work extends beyond the walls of classrooms and offices. It takes place right there in the streets and the neighbourhoods and in the hearts of the people you serve. It requires empathy, compassion, and a deep commitment to social justice. So as you continue your journey on social work and community development, I urge you to remain steadfast in your commitment to advocating for those who are marginalized and oppressed. Your voices matter. You are uniquely positioned to be agents of change. You will work with individuals and communities facing the harsh realities of poverty, inequality, and injustice. You will be their voice, their advocate, and their champion. Remember, silence in the face of injustice is complicity. Do not be afraid to speak to power, to challenge the status quo, and to defend the fundamental rights of all. And in doing all this, dapat laging may alab ng puso."*

Malaman ang naging bahaginan ng mga tanong, mga opinyon at mga paalala sa open forum. Hindi lamang mga mag-aaral mula sa CSWCD ang dumalo, kundi kabilang ang mga taga ibang kolehiyo sa UP Diliman, ganoon din mga mag-aaral mula sa ibang mga paaralan. Umikot sa mga usaping pagpapahalaga at pagprotekta ng demokrasya, karapatang pantao, at ang kanyang patuloy na adbokasiya at misyon - tumulong sa mga biktima ng war on drugs at panagutin ang mga taong responsable sa kanyang pagkakulong. Ayon sa kanya, "*They should face a reckoning; the day of reckoning is a manner of justice*".



*Larawan ng CSWCD community kasama si dating Senador Leila de Lima.*

*Naikuwento niya ang mga paghihirap na kaniyang tinahak dahil sa malakas niyang paniniwala sa pakikibaka para sa mga karapatan ng mga maralita. Nakakamangha pakinggan ang kanyang mga pinagdaanan at ang kanyang pagmamahal sa bayan at sa mga taong naaapi sa kasalukuyang panahon.*

**-Julia Linne Ilyssa Barroso, CD 221**

Si Kat. Prop. Karl Hapal ang nagbigay ng pagbubuod sa halos tatlong oras na kuwentuhan. Binigyang diin niya ang mga sumusunod:

- ang inyong pagkakukulong at paghihirap ay hindi lamang tungkol sa inyo; napakaraming mga kinulong dahil sa kanilang pulitikal na paniniwala. Dahil sa pagkakulong, nilalayo ang mga ikinulong sa lipunan upang tuluyan nang makalimutan at maging invisible;
- ngunit di lamang ang mga nakakulong ang nalilimot. Kabilang din dito ang mga mahihirap na mga pamayanan na nasa laylayan; at,
- kinakailangan ng pagbabago; at ang CSWCD ay nagpapanday di lamang ng mga social worker o development workers, pati ng mga organisador ng bayan na tumutuwang sa mga napag-iwanan para isulong ang pagbabago ng sama-sama.




*Pagbubuod ni Kat. Prop. Karl Arvin Hapal sa kwentuhang naganap kasama si dating Senador Leila de Lima.*

FEATURE:

# Transformative Social Work

The social work profession has a long and rich history and role in social welfare. Generally thought to have first emerged from charitable roots (Espenido, 2023, citing Baines, 2011), the social work pioneers in the United States and Britain have systematized and humanized the helping process, ensuring that the poor, marginalized, and disenfranchised are served bearing the principle of human dignity and worth, and human rights.

Today, the social work profession strives to remain true to those aforementioned principles and values of social justice, social change and development, empowerment and the liberation of people, amid the coercive forces of neoliberal agenda and the ruling class that solely benefit from it.

Globally, the profession operates alongside the hegemonic ideals of neoliberalism – a socio-economic framework that subscribes to free market ideals and requires societies to promote deregulation, privatization, liberalization, cutting of public expenditures for social services, and elimination of the concept of public good or community (Bello, 2017; Espenido, 2023, citing Martinez and Garcia, n.d.; Harvey, 2005).

Many literatures and reports suggest that neoliberalism only benefitted a few people while majority of the population suffer from social injustices such as poverty, inequality, and deprivation (Ornellas, Engelbrecht, and Atamturk, 2020). Furthermore, developmental theories, models and interventions that are molded or remained confined in the neoliberal frame only generate little or some social mobility while societal structures that perpetuate social injustices remain unchallenged and ultimately serve the interest of the ruling class.

If not careful, vigilant, and politically conscious, the social work profession, which one of the primary tasks is to deliver social welfare and developmental programs and services, may be used by the neoliberal system and the ruling class for the purpose of maintaining the status quo.

Kivel (2020), in his paper *"Social Services or Social Change?"* asserted that the profession which swore to protect the interest of the poor and the marginalized, may become a bufferzone working for the interest of the ruling class to maintain status quo, if it is politically neutral. As a bufferzone, the profession becomes a shield of the ruling class against the anger and disdain of the masses to the system. Social work profession as a bufferzone may serve three functions: (1) to take care of the people by providing residual social services to somewhat appease immediate suffering and discourage resistance; (2) to keep the hope alive by propagating success stories of our clients and contributing to the illusion that the system works; and, (3) to control those who want to make changes in the system by disciplining the members of the society along the neoliberal standards.

Some of the early pioneers of social work have implanted social activism and advocacy work for the betterment of society. Hence, the element of resistance is implicit within the political discourse of social work. It is in the bloodstream of the profession to be progressive and critical as shown by social work pioneers like Jane Addams and Bertha Reynolds. In the history of social work in the Philippines, activism and active participation to achieve genuine social change and development is not new to the profession (Espenido, 2023). One example is the anti-Marcos dictatorship and pro-nationalism struggles from the 60s to the 80s when social workers and social work students joined various forms of protest actions.

Over the years, the profession has pursued and practiced social work models and interventions that confronted oppressive and exploitative societal structures without abandoning the delivery of the needed social services and welfare interventions for the poor and marginalized (Lundy, 2011). Still pressed by oppressive structures fortified by neoliberal ideology in this age, it is salient to heighten the political discourse and activism in the profession to resist oppression and to transform societies while tending to those in need.

Transformative social work practice does not conform to the logics and ideals of neoliberalism (Espenido, 2023). It is critical to the mainstream social work practice, which is, according to Baines (2011), an approach that *"depoliticizes social problems and fail to see the larger dynamics shaping social work practice and to imagine alternative solutions that can be undertaken with and for our clients"* (p.19). It comes from Marxism and other progressive social work practices which espouse Marxist body of knowledge, such as radical social work, Marxist social work, critical social work, structural social work, and feminist social work (Espenido, 2023).

Transformative social work bears a perspective and practice that re-echoes the importance of critical thinking, critical reflection, and action in the profession. In solidarity with the masses, it applies critical analysis in unmasking the nature and contradictions of social and economic development paradigms within the existing hegemony which is neoliberalism. It exposes the real implications of the current structural conditions to the people amid mainstream development initiatives.

According to Espenido (2023, citing Baines, 2011), *"as we try to bridge practice and social activism, it is important to ask who benefits from the way things operate at any given point in time. Who can help make the changes we want? How can we help ourselves and others see the many ways in which issues are political? How multiple strands of power are operating in any given scenario?"* (pp. 5-6).

Transformative social work does not only analyze social conditions but strives to resist oppression and exploitation and to transform society where social justice and human rights prevail. It can expose unjust systems by promoting critical lens among social work practitioners and through macro interventions such as community organizing and advocacy, where one of its central aims is raising political consciousness to radically change the structural and ideological sources of oppression. However, it alsoencourages consciousness raising in case work and group work, recognizing that political discourse at the micro level is important as self-empowerment may lead to collective empowerment and action.

Transformative social work practice exemplifies social justice and human rights principles, which not just serve as foundational values of the profession, but as tools to examine the real impact of mainstream economic and development

paradigm to the socio-economic, cultural, and political conditions of the poorest countries and sectors of society.

Furthermore, it challenges practitioners to be self-aware by critically examining their practice – to evaluate how one truly contributes to the empowerment and liberation of people from injustices and oppression and not become acquiescent, complicit, and a bufferzone of the ruling class in maintaining the social order. Social work practitioners need to promote transformative social work practice amid neoliberal era and to re-activate political and social activism that runs in the bloodstream of the profession and development work while delivering quality social services and interventions to clientele.

**References**


Baines, D. (ed.) (2011) *Doing anti-oppressive practice. Social justice social work*. 2nd edn. Canada: Fernwood Publishing.

Bello, W. (2017, March 23). *EDSA, Neoliberalism, and Globalization*. Walden Bello. https://waldenbello.org/edsa-neoliberalism-and-globalization/

Espenido, G. I. (2023). *Organizing in the transformative social work practice: Philippine context*. Imprenta de Malolos.

Harvey, D. (2005). *A Brief History of Neoliberalism*. Oxford University Press.

Kivel, P. (2020, December 22). *Social Service or social change?*. Paul Kivel. https://paulkivel.com/resource/social-service-or-social-change/

Lundy, C. (2011). *Social work, social justice & human rights: A structural approach to practice* (2nd edition.). University of Toronto Press.

Ornellas, Abigail & Engelbrecht, L & Atamtürk, Elvan. (2020). *The fourfold neoliberal impact on social work and why this matters in times of the COVID-19 pandemic and beyond*. Social Work/Maatskaplike Werk. 56. 235-249. 10.15270/52-2-854.





Sina Bianca Mae Cipriano (estudyante) at Ret. Kaw. Prop. Gil Espenido sa kanilang pagbabahagi





# New CSWCD Library Website


Ms. Judith M. Pangilinan, College Librarian, shared the new CSWCD library website, after a couple of months of hard work and dedication. It is now live and the URL is: https://library.cswcd.upd.edu.ph

The primary objective of this website is to offer an improved experience for library users. It is designed to be faster, more user-friendly, and easier to navigate. The platform showcases the library's resources, digital collections, and serves as a virtual reference and online assistance hub. Ms. Pangilinan and the library staff believe that this portal will be a valuable source of information for everyone.

Ms. Pangilinan expressed her gratitude to everyone involved in bringing this vision to reality. Special thanks to Ms. Dela Paz for initiating the project, the dedicated student interns from the School of Library and Information Studies, the guidance of UP-Computer Center, and the outstanding efforts of TEAM AKLATAN. Their commitment and collaboration have made this website possible, ensuring the best user experience for the visitors.





# PAGPAPAKILALA NG PAGTATANGHAL / EXHIBIT

## DEPARTMENT OF COMMUNITY DEVELOPMENT

Maalab na pagbati mula sa Departamento ng Pagpapaunlad ng Pamayanan!

Handog ng aming departamento ang dalawang pagtatanghal o exhibition para sa Linggo ng Kolehiyo: 1) Mga KWENTOLITRATO o Photo Stories at 2) maiikling bidyo.

Sa unang exhibit na pinamagatang "Alab ng puso; Siklab ng Pagkilos" ay itinatampok ang mga "kwentolitrato" na nagalalarawan sa pag-uugnay ng puso, damdamin, pandama at sama-samang pagkilos. Limang (5) kwentolitrato ang matutunghayan sa exhibit na ito na orihinal na likha nina Schat Reyes, Aly Casabar, Jerico Emil Vila, Raymund Abuel, at Roa Malimban – mga BSCD fieldwork students sa unang semestre 2023-2024. Ang mga kwentolitrato ay bahagi ng kanilang aralin sa CD 125: Mobilization Strategies and Community Governance sa paggabay nina Asst. Prof Thelma Magcuro at Matt Wamil. Ang pagtatanghal o curation naman ng mga kwentolitrato ay pinangunahan at isinakatuparan nina John Benedict Silla, LA Cleofe, Andres Pudino, at Ryan Serquina kasama ang mga nabanggit na fakulti at mga kawani ng admin section ng Kolehiyo.

Ang pangalawang exhibit – "Alab ng Pusong Nakikipamuhay" ay maiikling bidyo na likha rin ng BSCD fieldwork students sa Unang Semestre 2023-2024. Tampok sa mga bidyo na ito ang pagsasalarawan sa pakikipamuhay bilang mabisang pamamaraan sa pagkilala at pagsusuri ng kalagayan ng pamayanan, mga indidibwal, pamilya, at samahan, at maging sa paglilinang ng mas malalim napagkilala sa sarili bilang organisador at manggagawang pangkaunlaran. Matutunghayan sa "playlist" ang maiikling bidyo na nilikha ng apat na pangkat ng mga mag-aaral sa field: 1) Team Jala-Jala na sina Mavi Domo, Carla Batino, Queenie Baladad, at Emil Vila katuwang ang Association for the Rights of Children in Southeast Asia (ARCSEA), 2) Team Commonwealth na binubuo nina Guia Jovellanos, Bryan Salamanca, Ralph Frasdilla at Yen De Peiro kasama naman ang Lilok Foundation, Inc. at limang Homeowners Association, 3) Team Novaliches na sina Gianna Cabochan, Layca Rayel, at Benjomer Hernandez katuwang ang Cacho's Compound HOA at DEPRIVE, at 4) Team Gaya-gaya na binubuo naman nina Ivy Sacdalan, Francy Tubungbanua, Cailla Castro, Sofia Bazar, Aly Casabar, at Sarah Pasao at nakipagtuwangan sa Bantay Kalusugang Pampamayanan (BKP).

Ang mga bidyo na ito ay bahagi naman ng aralin sa klaseng CD 161: Special Problems in CD na pinadaloy nina Assoc. Prof Ging Tanchuling at Asst. Prof Nori De Dios. Umagapay naman ang REDO para sa maglikha ng playlist na inyong matutunghayan.

Mga ka-alab ng puso sa Kolehiyo at Unibersidad, inaanyahahan ko kayo, sampu ng aking mga kasamang fakulti sa DCD na tunghayan ang mga pagtatanghal na ito. Matatagpuan ang mga KWENTOLITRATO sa Discussion Room ng CSWCD Library at ang maiikling bidyo naman ay mapapanood sa designated viewing stations, sa CSWCD Library rin.

Mabuhay at patuloy nawang mag-alab ang ating mga puso, damdamin, at pagkamalikhain! Maraming salamat!

## DEPARTMENT OF SOCIAL WORK

Ang “exhibit” ng Departamento ng Gawaing Panlipunan ay nagpakita ng mga ginawang output ng mga mag-aaral sa klase na “SW 147-Strategies in Community Based Social Work Practice”. Nagpapakita ito ng mga kasalukuyang isyu at reyalidad na kinakaharap ng lipunan. Bukod sa mga datos tungkol sa mga napiling mga isyu, naglapat din ng mga teorya kung paano masusuri ang mga nasabing isyu gayundin ng mga istratehiya ng mga Manggagawang Panlipunan sa Pag-oorganisa ng Pamayanan. Kasama rin sa mga poster na ito ay ang iba’t ibang gampanin ng mga Manggagawang Panlipunan bilang isang “generalist practitioner” sa pagtugon sa mga nasabing isyu.

Mula rito, mayroon ding mga hashtags na ginawa sa exhibit na ito na naghihikayat rin sa mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang damdamin sa mga poster na kanilang nasaksihan. Ilan sa mga hashtag ng mga mag-aaral: #social justice; #no to jeepney phaseout.




*Exhibit ng DCD at DSW sa CWCD Library*

## DOCTOR OF SOCIAL DEVELOPMENT

Nagsimula ang paghahanda sa poster exhibit noong unang semestre 2023-2024 sa pagtutulungan nila Dr. Aleli B. Bawagan, Direktor Justin Nicolas, at ng dalawang katuwang na mag-aaral na sina Jeremiah Inocencio at Hazelle Catena. Inimbitahan ang mga nagsipagtapos ng DSD upang magsumite ng isang poster presentation ng kanilang disertasyon. Sampung poster ang matatagpuan ngayon sa DSD room sa loob ng silid-aklatan ng CSWCD. Tatlo sa mga nagsumite ng poster ay mula sa unang batch ng nagsipagtapos sa DSD noong 2014 (Nam, Verceles, at Will), dalawa mula sa taong 2020 (Decena at Muego), at isang poster mula sa mga taong 2015 (Cong), 2016 (Meneses), 2018 (Laguilles-Timog), 2022 (Campanano-Bernardo), at 2023 (Prieto-Carolino). Tatlo sa mga napabilang na posters ay disertasyon ng mga mag-aaral mula sa ibang bansa (Nam, Cong at Will). Dalawang miyembro ng DSD committee ang nagsumite ng kanilang poster para sa eksibit.

Bagamat maaring hatiin ang sampung poster sa apat na tema sangayon sa kaugnayan nito sa pagpapaunlad ng lipunan, bumabagtas din naman ang kada tema sa iba pang mga tema. Kabilang sa mga tema ng poster ay: 1) ang kababaihan at pag-unlad; 2) istraktural na praktis sa pagbuo ng pamayanan at likas-kayang pag-unlad; 3) katutubong praktis; at 4) ingklusibong pag-unlad kasama ang mga pagoorganisa sa sektor ng mga nakakatanda at may kapansanan.

***Kababaihan at Pag-unlad***

Tatlong disertasyon ang tumalakay sa kababaihan sa pag-unlad.

- *Livelihood Practices of Women in the Informal Economy: Forging Pathways Towards Feminist Solidarity Economy*

May-akda: Nathalie A. Verceles; Tagapayo: Prop. Emeritus Rosalinda Pineda-Ofreneo (Abril 2014)

- *Organized Women’s Responses to Urban Poor Housing: Towards Transformations in Housing in the Philippines*

May-akda: Rowena Laguilles-Timog; Tagapayo: Leocito S. Gabo (Enero 2018)

- *Interrogating Women Polychaete Fishers’ Wellbeing within a Gendered and Dynamic Social-Ecological System*

May-akda: Alice Prieto-Carolino; Tagapayo: Leocito S. Gabo (Enero 2023)

Gamit ang peministang paraan ng pananaliksik, tinalakay ni Prop. Verceles (2014) ang mga karanasan at mga proseso na nagpapakita ng porma ng feminist solidarity economy sa mga kabuhayan ng mga kababaihan at ang papel nito sa women’s empowerment. Isinulong niya ang pagbalanse ng likas-yamang tao, lipunan at kalikasan sa paggamit nito para makamit ang pangangailangan ng tao.

Gamit din ang Social Relations Framework at Feminist Standpoint theory, tinalakay naman in Kaw. Prop. Laguilles-Timog (2018) ang mga tugon ng mga organisadong kababaihan sa isyu ng pabahay mula sa tatlong samahan sa Pasig, Malabon at San Jose Del Monte. Layon ng pag-aaral na ipakita ang mga karanasan ng mga kababaihan sa kanilang pagtugon sa isyu ng housing at magsulong ng isang mapagpabagong sistema ng pabahay. Sinulong din ni Laguilles-Timog ang pagkakaroon ng isang radikal na lapit sa pabahay upang mapalawak ang access at ang pagpapanatili sa mga programang pabahay. Nakita rin ang kahalagahan ng partisipasyon ng mga organisadong kababaihan para maseguro ang mabuting kalidad ng kabuhayan sa mga proyektong pabahay at ang pagsunod ng estado sa isang gender-transformative na pamamaraan.

Inilarawan naman ni Kaw. Prop. Prieto Carolino (UP Visayas, 2023) ang reyalidad ng mga kababaihang nanghuhuli ng mga uod sa dagat na kung tawagin ay polychaete na nasa ilalim ng buhangin ng anyong-tubig. Ang kahalagahan ng kanilang gawain ay hindi lamang para makadagdag sa kanilang kabuhayan kundi ang pagbabahagi sa likas-kayang komunidad. Pinakita rin ng pag-aaral ang pagiging gender-biased sa pag-access ng yaman ng komunidad at ang pangangailangan sa isang gender-responsive governance. Sinulong ng pag-aaral ang sistemang ‘puspus’ at ‘latag’ bilang likas-kayang pamamaraan ng pangangalaga ng yamang karagatan.

***Istraktural ng praktis at Likas-Kayang pag-unlad***

Tatlong pag-aaral ang nagpakita ng pakikipagtulungan ng mga aktor na hindi bahagi ng estado sa mga komunidad sa pamamagitan ng social enterprise ng mga kabataan, partisipasyon ng internal migrants at paggamit ng transisyong teknolohikal ng mga kabahagi sa gawaing pagmimina.

- *Non-State Partners in Social Development in Vietnam: Organization, Issues and Processes*

May-akda: Pham Tien Nam; Tagapayo: Oscar P. Ferrer (Pebrero 2014)

- Participation in Community Building Among Internal Migrants in Eahdil Village in Vietnam

May-akda: Le Van Cong; Tagapayo: Oscar P. Ferrer (Mayo 2015)

- *Mining Technological Transition: Exploring Processes and Pathways Towards Sustainable Development in Small-scale Mining Communities*

May-akda: Rowee Joy, Subong Decena; Tagapayo: Aleli B. Bawagan (Hulyo 2020)

Pinag-aralan ni Pham Tien Nam (2014) ang tatlong organisasyon na social enterprise (SE) at natuklasan na tinitingnan ito bilang economic solidarity. Ang kakulangan ng polisiya sa Vietnam hinggil sa SE ang isa sa malaking balakid sa pagpapalaganap ng SE.
Gamit ang pinagsamang kwantetibo at kwaletatibong pamamaraan, tinalakay ni Le Van Cong (2015) ang partisipasyon ng mga internal migrants sa pagpapalakas ng komunidad. Sa paglulunsad ng partnership in Capacity Building (PCB), nakalahok ang mga migrante sa pagplano, pagsasanay, at pagmomobilisa upang makakuha ang mga pamilya ng migrante ng batayang pangangailangan at pampinansiyal at sosyal na assets.

Pinakita ng pag-aaral ni Rowee Joy Decena (2020) ang ambag sa likas-kayang pag-unlad ng CLINN-GEM na isang green, clean at end-pipe na uri ng teknolohiya ng mga komunidad ng small-scale mining. Napatunayan ng pananaliksik ang kahalagahan ng transisyong pang-teknolohiya sa pagsulong ng pagbabago at pagpapaunlad ng lipunan.

**Katutubong praktis**

Dalawang disertasyon ang sumentro sa katutubong praktis sa pagpapaunlad ng Lipunan.


- Kaelleuman Hap: A Yakan Experience of Flourishing Amidst Conflict

May-akda: Matthew S. Will; Tagapayo: Emmanuel M. Luna (July 2014)

- Kahampatan as Lived by the Ayta: Affirming Indigenous Well-being

May-akda: Angelito B. Meneses; Tagapayo: Leocito S. Gabo (December 2016)

Tnalakay ni Matt Will ang konsepto ng Pagyabong o “flourishing” ng tribong Yakan at ang kahulugan sa kanilang sariling katagang Kaelleuman Hap. Pinakita ng mga kuwento sa pananaliksik na ang mga Yakan ay pinapahalagahan ang kapayapaan, taliwas sa pagkakilala sa kanila bilang mga terorista o mga rebelde. Sa kabila ng paniinirahan sa lugar ng pagtutunggali, ang pagyabong ng mga Yakan ay nakasandig sa kanilang pananampalataya, paggalang at pagtulong sa isa’t isa, at pagpapahalaga sa edukasyon, kapayapaan, pagkakaroon ng masisilungan, sa pamamahala, at sa paglalakbay.



DSD Poster Exhibit



Poster exhibit ng DSD

Tampulan naman ng pag-aaral ni Kaw. Prop. Meneses ang konsepto ng Kahapmatan ng mga Aeta bilang isang balangkas para sa eco-social na praktis sa pagpapaunlad. Ang konsepto ng kagalingan o well-being ay makikita sa kanilang magkakasamang pagkakilanlan, kagandahang loob, masarap na pagkain at kalusugan, respeto sa lupa, at sa hangaring magkaroon ng edukasyon. Naging tuntungan ito ng pasasateroya ng katutubong konsepto ng kagalingan.

**Ingklusibong pag-unlad**

- From KAPANSANAN to KA-PASAN: Re-envisioning organizing of persons with disabilities towards inclusivity amidst complexities

May-akda: Paul Edward N. Muego, Tagapayo: Ma. Theresa V. Tungpalan (Agosto 2020)

- Tagsibol hanggang Pagtanda: Exploring Older Persons Assets and Capacities in Community-Centered Disaster Risk Reduction and Management

May-akda: Diane Marie R. Campanano-Bernardo; Tagapayo: Ma. Theresa V. Tungpalan (Marso 2012)

Ang pag-aaral ni Kaw. Prop. Muego ay tumutok sa pagkakaroon ng kapansanan bilang isyu sa pag-unlad at pangangailangan sa pag-oorganisa sa tunguhing pagpapaunland ng lipunan. Tinalakay sa pag-aaral ang karanasan ng Las Pinas People with Disabilities Federation Ind (LPPWDFI) sa pag-oorganisa. Ipinakita na ang pagkakaroon ng kapansanan bilang lokus ng politikal na pagkilos.

Sa pag-aaral naman ni Bernardo (2012), pinag-usapan ang pagkakaroon ng OP-oriented community-centered DRRM program (CCDRRM), kung saan pinahalagahn ang pagsasama ng mga kakayahan ng iba’t ibang stakeholders – ang mga nakakatanda, mga NGOs, ang lokal na pamahalaan at iba pang mga grupo sa pamayanan. Pinakita ang mga karapatan at ang mga kakayahan ng mga nakakatanda at ang kanilang kontribusyon para sa mas sensitibong CCDRRM.

**Isang sulyap sa 15 taon ng pagaaral ng pagpapaunlad ng lipunan**

Ang mga poster na makikita sa DSD room ay bahagi lamang ng 29 na disertasyon mula 2014 hanggang 2024. Ang mga tema ng mga poster ay nagpapakita ng lawak ng sakop ng pagpapaunlad ng lipunan at ang mga interesanteng pananaliksik ng mga nagsitapos ng Doktorado sa Pagpapaunlad ng Lipunan.

Unang pinasinayaan ang eksibit ni Chancellor Vistan kasama ng mga nagsidalo sa unang araw ng pagdiriwang ng 2024 CSWCD college week. Binisita rin ito ilang mag-aaral at alumni ng DSD noong Pebrero 27. Ang poster eksibit ay isang sulyap din sa poster presentation na magaganap sa kumperensiya ng ICSD AP sa Oktubre 2024 kung saan magiging punong-abala ang UP CSWCD.

# DEPARTMENT OF WOMEN AND DEVELOPMENT STUDIES

Bilang bahagi ng CSWCD College Week, nagtanghal ang Departamento ng Aralin Ukol sa Kababaihan at Kaunlaran (DWDS) ng isang biswal na eksibisyon na pinamagatang, "Ano ang Kwentong WD Mo?" Tampok rito ang ilang larawan ng mga pinakamatingkad na karanasan sa gradwadong programa ng DWDS ng mga naging bahagi nito, pangunahin na ang kanilang alumni.

Ilan sa mga temang lumitaw mula sa eksibisyon ang mga sumusunod: mga gawaing pangkomunidad; pakikipagkaibigan; aktibismo; tagumpay; pagbubuo ng teorya; pagpapaunlad sa sarili; kasipagan sa paggawa; adbokasiya; repleksyon; pakikiisa sa mga komunidad; at mga kasiyahan.

Kasabay ng exhibit ng ibang mga departamento ng kolehiyo, nilunsad ito sa unang araw ng College Week mula sa discussion room ng aklatan ng CSWCD, at nanatiling bukas sa publiko sa sumunod na dalawang linggo. Ang eksibisyong ito ay bahagi ng ika-35 na anibersaryo ng Departamento, na ipinagdiriwang rin sa naturang CSWCD College Week.



*Samu't saring produkto sa CSWCD Tiangge*

# 2024 COLLEGE WEEK TIANGGE REPORT

As part of the celebrations, the College held a week-long tiangge/bazaar from February 26 to March 1, 2024. The invited merchants range from partner organizations of the College and also previous vendors from the 2023 Christmas Bazaar that was cut short due to the transport strike. These merchants are small business enterprises that are also vendors from bazaars held in other units.

**Below is the list of merchants and the products/wares they sold:**

| MERCHANT NAME | PRODUCT |
|---|---|
| Ca Fe Ria Coffee | coffee |
| Fishball vendor | streetfoods |
| The Prickly Princess | crafts, earrings, pet items |
| White Cross Inc. | Toys and books |
| DG Traqss Sushi | food - maki, tempura, chicken karaage |
| Nanay Made This Bag (Igting) | native bags, canvas pouch, sling bags and wallets |
| Nova Pasalubong | Homemade Sushi, Palabok, Kangkong Chips, Mushroom Chicharon, Butcheron, Sukang Pinakurat, Lumpiang Sariwa, Chicken Pastil, Bottled Water, Peanut Butter and Hopia |
| Handcraftedbyshe | jewelry and crochet items |
| Marcel Philippe Quezon City | fragrances |
| Printzonalized Manila/ Miss Moon | notepads, cards/ beaded bracelets and rings, preloved clothes |
| Katutubo Bazaar/Palestinian Food | IP Products - malong, shawl, bag, beads, etc |
| Southern Voices Books/Kriselda Freedom Merch | books, book related merch, tote bags |
| Crafts and Cranks | Tshirts and unique mugs |

The bazaar's target market are CSWCD students, faculty, staff and the general public that traverse along the vicinity. Aside from the vendors, the College also held a rummage sale "CSWCD Ukay-ukay" wherein the items sold were donated pre-loved items of the CSWCD faculty, staff and REPS.

# SIKLAB AT LAGABLAB:
## Maikling paliwanag sa “visual cohesion and thematic styling” ng Linggo ng CSWCD 2024

Matt Wamil | Creative Director, CSWCD Week 2024


Ang Linggo ng CSWCD sa taong 2024 ay may temang “Alab ng Puso”. Ang tema ay kumakatawan sa sidhi ng diwa ng Kolehiyo na maging katuwang at kaagapay ng mga maralita, naisasantabi, at bulnerableng mga pamayanan at sektor tungo sa kanilang pagsasakapangyarihan, pag-unlad at pagtamasa ng kaginhawahan. Para sa CSWCD "Ang pagsiklab ng ating mga mithiin at pagliliyab ng hangarin para sa bayan, ang nagpapa-aalab sa ating mga puso tungo sa marangal at mahusay na paglilingkod. Dito umuusbong ang panibagong lakas tungo sa mas masikhay na pagkilos kasama ang mga maralita at walang kapangyarihan."

Ang temang ito ang nagsilbing *siklab o spark sa paglikha* ng visual at thematic styling ng CSWCD Week: event logo, sub-event titles, color palette, publicity and promotional materials, tunog / musika, bihis at gayak ng gusali at bulwagang ginamit para sa mga talakayan at kasiyahan, dress code, at mga susing mensahe (soundbites) sa mga talumpati, pagpati, at maging sa social media posts at iba pang uri ng digital content. Ang digital visual artwork na “CSWCD Flame” na likha ni LA Cleofe, isang BSCD student ang siyang naging tuntungan ng lahat ng visual content and collaterals para sa CSWCD Week. Ang awit na “Alab” na nilikha nina Edge Uyanguren, Onie Badiang, RJ Mabilin, Megumi Acorta, Diday Garcellano, MC Sacay, at Jamica Bonifacio para sa Altermidya ang siya namang naging tunog at tinig sa buong linggo ng pagdiriwang ng Kolehiyo.

Ang publicity materials (traditional at digital) at iba pang event collaterals (backdrops, presentation decks, tokens, certificates at plaques, atbp) ay bunga ng *paglagablab ng creativity* ng maraming indibidwal (estudyante, kawani, fakulti, at REPS) na nakilahok sa desentralisadong proseso ng paglikha. Gamit ang College Week 2024 Brand Guide bilang sanggunian, naging malaya ang mga yunit and committees-in-charge sa pagbuo ng kani-kanilang mga visual materials. Sa ganitong desentralisadong proseso ng paglikha, nasaksihan natin ang iba’t iba (diverse) ngunit magkakaugnay (cohesive) na visualizations ngtema at mas naging efficient din ang pag-prodyus at pagpalaganap ng mga ito

Sa dulo, ang karanasang ito ng paglikha at pagsisiguro ng overall creative direction ng CSWCD Week 2024 ay sumasalamin rin sa prinsipyo at kultura ng Kolehiyo: ang pakikilahok at pagiging mapanlahok. Gayundin, isa itong pagpapatunay na ang Pusong Mapanlikha ay umaalab sa bawat isa at hindi sa iisa o iilan lamang.

#ALAByuCSWCD



# College Executive Board



Prof. Lenore P. Dela Cruz
Dean



Assoc. Prof. Paul Edward N. Muego
College Secretary



Assoc. Prof. John Erwin S. Bañez
Chair
Department of Community Development



Asst. Prof. Rosalie T. Quilicol
Chair
Department of Social Work



Asst. Prof. Sabrina Laya S. Gacad
Chair
Department of Women and Development Studies



Assoc. Prof. Justin Francis Leon V. Nicolas
Director
Doctor of Social Development Program



Asst. Prof. Glennie Marie Sina-on
College Quality Assurance Officer



Celeste F. Vallejos
Director
Research and Extension for Development Office



Amy H. Ilagan
Unit Head
Student Records Office



Maria Elena B. Alvarez
Administrative Officer



Judith M. Pangilinan
Head Librarian



Soleil Anniah C. Santoalla
Representative
Research, Extension, and Professional Staff



Charles Jeric Jabson
Student Council Chairperson

## Department of Community Development

John Erwin S.Bañez, DSD
Aleli B.Bawagan, PhD
Honorio B. De Dios
Lenore P. Dela Cruz
Leocito S. Gabo, PhD
Jose Luis M. Garcia
Karl Arvin F. Hapal
Devralin T. Lagos
Isaac P. Linco
Thelma B. Magcuro
Paul Edward N. Muego, DSD
Victor G. Obedicen
Ivy Marian P. Panganiban
Venarica B. Papa
Jennie Lyn C. Reyes
Lisa Victoria N. Rosel
Ma. Corazon J. Tan,
Ma. Linnea V. Tanchuling, DSD
Cesar Allan C. Vera

**LECTURERS**

Lourdes Marina P. Espenido
Maria Rosario S. Felizco
Jeanette G. Fuellos
Ivan Qarlsen G. Ledesma
Marie Gold V. Lim
Emmanuel M. Luna, PhD
Fermin P. Manalo Jr.
Redento B. Recio, PhD
Romano Antonio V. Wamil

## Department of Social Work

Florinor F. Algo
Caroline L. Balmes
Hazel C. Lamberte
Angelito B. Meneses, DSD
Justin Francis Leon V. Nicolas, PhD
Florence F. Pasos
Regin D. Peñaflor
Ana Teresa L. Prondosa
Rosalie T. Quilicol
Karleen May C. Reodique
Jowima A. Reyes, PhD
Natalia D. Sali
Glennie Marie M. Sina-on
Exxon B. Susmerano

**LECTURERS**

Maria Joy Karen G. Adraneda-Filio
Gay G. Benueza
Maricris C. Cabural
Jocelyn T. Caragay
Maria Lyra T. Del Castillo, PhD
Yolanda G. Ealdama
Louie John T. Esguerra
Gil I. Espenido
Suzanne M. Nazal
Anna Kristinna N. Palomo
Nancy E. Parreño
Jomel Jhele T. Sadsad

## Department of Women and Development Studies

Teresita V. Barrameda, DSD
Maritess D. Cruz
Sabrina Laya S. Gacad
Rowena A. Laguilles-Timog, DSD
Roselle Leah K. Rivera, PhD
Nathalie Lourdes A. Verceles, DSD

**LECTURERS**

Monina I. Aquino
Sharmila A. Parmanand, PhD

## Doctor of Social Development Program

Wilfredo P. Awitan, DSD
Oscar P. Ferrer, PhD
Benjamin Jr. R. Quiñones, PhD

## Professor Emeritus

Rosario S. Del Rosario, PhD
Angelito G. Manalili, PhD
Amaryllis T. Torres, PhD
Sylvia E. Claudio, PhD
Rosalinda P. Ofreneo, PhD

## Research and Extension for Development Office

Celeste F. Vallejos
Leah B. Angeles
Edgie Francis B. Uyanguren
Soleil Anniah C. Santoalla
Valerainne R. Lopez
Ana Caryl M. Ganiban

## College Library

Judith M. Pangilinan
Jenefer S. Dela Paz
Lea D. Garzon
Monilita O. Manaay
Ida Amar A. Napoles
Eunice C. Pombo

## Administrative Office

Maria Elena B. Alvarez
Cheene G. Arances
Dominique Felicia Marie B. Dizon
Jester A. Magloncio
Benjamin O. Menor
Charito M. Romanillos
Jaymark D. Sayaman
Perfecto P. Solitario Jr.
Reme Lynne M. Trillanes

## Student Records Office

Amy H. Ilagan
Michelle Olivia M. Cinco
Winalyn B. Brosula

## Maintenance Staff

Miriam A. Anub
Michael M. Cabanes
Ma. Luisa C. Cantor
Joseph Adrian G. Fetalvero
Paul Patrick R. Masangya
Dayna B. Panes

## Student Council

Charles Jeric Jabson
Samuel Jaime Acabado
Richelda Crisostomo
Ruth Bernadeth Perez
Johanna Marie Dela Cruz
John Lander Comedia
Asiana Castañeda
Paige Ingrid Alovera
Jeffrey Almazan

# College Week 2024 Committee



Aleli B. Bawagan



Lenore P. dela Cruz



Paul Edward N. Muego



Caroline Balmes



Rowena A. Laguilles-Timog



Soleil Anniah C. Santoalla



Jenefer S. Dela Paz



Maria Elena B. Alvarez



Cheene G. Arances



Dominique Felicia Marie B. Dizon



Monilita O. Manaay



Leah D. Garzon



Charles Jeric Jabson

# Creative Team



Edgie Francis Uyanguren



Romano Antonio V. Wamil



LA M. Cleofe

## Alab ng Pusong Nakikibaka

*Overall, the activity opened my eyes to the struggles, inequalities, and discrimination that our indigenous people experience in their everyday lives. These facts highlight the need for many well-trained and passionate development workers who would work with and help these communities reach their full potential for the country's progress.*

**-John Robert Betic, CD 11**

*I gained a deeper appreciation for the need for CD to address the situation. I learned more about their needs, particularly their rights. I am encouraged to participate in development work activities after seeing and hearing what Bai Bibyaon exhibited.*

**-Desiree Mae D. Atienza, CD 11**

*Wala akong masyadong alam tungkol kay Bai Bibyaon. Ngunit ngayon, pagkatapos dumalo sa forum, nakalagay ang isang sticker ng mukha niya sa tubigan ko; nakalagay din ang kanyang kaluluwa sa aking utak. Dapat tayo matuto sa kanila, dahil makikita natin doon ang mga paraan sa pagpapalaya ng masa. Huwag matakot labanan ang tumitigil sa kaunlaran ng masa; huwag matakot makibaka sa tabi ng mga inaapi.*

**-Orlando J. Laudico, CD 121**

*This activity allows me to appreciate the development work and understand why indigenous communities are often left behind in decision-making, when in fact, they should be included in government development efforts. It should not be the bare minimum or less; indigenous peoples in the Philippines should be treated equally and fairly.*

**-Jazil E. Calapardo, CD 11**

*Bai Bibyaon's legacy reminds us of the importance of acknowledging and honoring indigenous cultures, traditions, and struggles. Her story challenges gender stereotypes and emphasizes the significant role of women in leadership. The tribute serves as a crucial reminder to celebrate role models in our country who uphold social justice, environmental preservation, and community leadership. It urges us to strive for a society where communities flourish, cultures are respected, and the environment is safeguarded.*

**-Lester Nathaniel Fernando, CD 11**

## Alab ng Pusong Malaya

*Mahusay na nakapagbahagi si Sen Leila ng kanyang karanasan. Sa pamamagitan nito napagnilayan ko na ayaw na natin maulit ang karanasan ng pagkakulong kahit kanino dahil sa mga pinaglalabang adbokasiya. Malinaw na kailangan tuloy tuloy ang mga adbokasiya natin, mapalakas ang boses para sa mga panawagan laban sa red-tagging at iba pa.*

**-Kat. Prop. Teresa Prondosa, DSW**

*Naalala ko ang tanong ng isang mag-aaral kung ano ang masasabi ni Sen Leila hinggil sa 'anong masasabi niyo tungkol sa mga apathetic students'; para sa akin, malungkot kung meron ngang 'apathetic students', para sa akin these two words should not even go together; however, Sen Leila replied that she chooses not to lose hope for these students;*

**-Len Trillanes, Sr Admin Asst 1**

*Narinig ko ang katotohanan, dati laging mga sinasabi lang ni Pres. Duterte ang naririnig kung saan lumabas na masama si Sen Leila; mahirap na isang panig lang ang lumalabas, ngayon naintindihan ko siya at kaisa ako sa hangarin niya para sa katotohanan; lalo niya akong napahanga*

**-Judith Pangilinan, College Librarian**

*Naikuwento niya ang mga paghihirap na kaniyang tinahak dahil sa malakas niyang paniniwala sa pakikibaka para sa mga karapatan ng mga maralita. Nakakamangha pakinggan ang kanyang mga pinagdaanan at ang kanyang pagmamahal sa bayan at sa mga taong naaapi sa kasalukuyang panahon.*

**-Julia Linne Ilyssa Barroso, CD 221**

## Alab ng Pusong Nagninilay

*Looking back, I can definitely say that "Alab ng Pusong Nagninilay" enabled me to see real-life snapshots of community development through the interesting stories of the panelists; serving through this field may not be for the faint of heart because I understand that it is not as glamorous or self-serving as other professions. However, one cannot deny how indispensable it is for a nation like ours. I learned to respect and value community development more as well because the forum made me realize how theory is put into proper practice.*

-**Lila Yin F. Decena, CD 11**

*Nakita ko sa mga CD alumni na malayo man na ang kanilang narrating, hindi nila kinalimutan ang itinuro sa kanila ng CD at ng mga karanasan nila sa mga organisasyon nila noong nag-aaral pa sila. Mas napalapit ang aking puso sa CD at mas nag-alab ang puso sa paglilingkod at pagsasabuhay ng teorya at praktika.*

-**Jewel Leigh Buenrostro, CD 121**

*Inspirasyon ang hatid ng mga tagapagsalita sa patuloy at masigasig na pagtaguyod ng tunay na pagpapaunlad para sa masa. Hamon ito para sa amin na susunod sa kanilang yapak, ang hindi tumaliwa, at gaano man kagulo ang landas na tinatahak, lagi't laging maliwanag ang tunguhin - kaunlarang tunay kasama ang masa.*

-**Marlie C. Camano, CD 121**

*Mahalaga ang CD dahil pinapanatili nitong lubog o grounded ang mga indibidwal anumang larangan ang kanilang tahakin sa hinaharap. Hindi maipagkakaila na ang trabaho ng isang organisador ay mapanganib ngunit ang panganib na ito ay kayang-kayang gapiin sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos tungo sa isang malayang bukas.*

-**Mariel D. Diesta, CD 121**

*Tumatak ang bawat kuwento ng mga alumni sa diskursong aming napakinggan. Hindi ko malilimutan ang sinabing "Kapag hindi mo na alam ang iyong patutunguhan, sumandig ka sa masa, sila rin ang tutulong sa iyo".*

-**Kalista Rae A. Cruz, CD 121**

## Alab ng Pusong Mapagpalaya

*A very crucial point to remember and live by is that CD is not supposed to be messianic. We do not give the poor and marginalized a voice because they already have a voice. Rather, we provide them with the avenues and opportunities where their voices could be heard. The power still lies in the masses, and it is our duty in community development to amplify that power.*

-**Beatriz De Leon Pineda, CD 11**

*This forum shifted my perspective on development work. It showed me that development work is not just limited to specific programs and projects; it can take on various forms, such as the arts, as long as the intentions are pure in empowering and helping communities attain their goals.*

-**Romina Venezia C. Suguitan, CD 11**

## Alab ng Pusong Magkatuwang

*I've come to understand that simply sympathizing with the plight of the impoverished falls short of effecting lasting change. Merely offering charity provides a temporary fix to their enduring struggles. Instead, what is truly transformative are sustainable, long-term solutions, such as livelihood programs supported by the national government. The enlightening talks, has deepened my appreciation for those dedicated to this sector. Often underappreciated and unjustly labeled as communists, these individuals are the unsung heroes tirelessly advocating for the disadvantaged. They possess not only compassion but also the resilience and fortitude to combat the injustices the impoverished face.*

**-Gienel Nicel D. Chan, CD 11**

*An essential aspect emphasized was the need for collaboration and partnerships among different stakeholders in promoting sustainable development and social justice. Social workers can work with community-based organizations to address poverty and inequality and promote inclusive growth and development. I realize that Social work is a challenging but rewarding profession that requires dedication, commitment, and empathy.*

**-Ma. Gloria Morena A. Fernandez, CD 11**

## Alab ng Pusong Peminista

*Feminine struggles comprise just one area of CD, yet it may be one of the most vital areas that make the field what it is. Women are the progenitor of children and families, and families make up the core of society. This reminder added more to the admiration I felt for the strong passionate women in front of us during the forum. The vast areas and fields within CD work are as diverse as the individuals in the communities themselves, yet we are all bound by the same passion to go outside our comfort zones in the name of service.*

**-Ma. Isabelle Alessandra M. Mirabueno, CD 11**

*I am very thankful that I was able to attend this forum as it gave me a better perspective of my surroundings and the society I plan on contributing towards as an aspiring lawyer. I have gotten a better appreciation for developmental work. It has given me hope, that through hard work and emphasis on development maybe the world would be a better one for everyone.*

**-Martin Lorenzo R. Ventura, CD 11**

*Lakas at galing ng kababaihan ay kahanga-hangang tunay; ito'y kanilang ipinamalas sa mga kwentong punong-puno ng buhay. Maraming aral at hamon ang aking natunghayan sa pagdalo at pakikinig sa PJSD Vol. 16.*

**-Josephine M. Cedillo, CD 221**

*I have developed appreciation for development work because of this forum. First, I have gained a broader understanding of poverty as the researchers called for an intersectional, inclusive, and transformative way to approach it. Second, it has also honed my awareness of the complexity of women's struggles and the varying factors that make our experiences unique. Finally, these articles have also moved me to use my agency as a woman to partake in social transformation.*

**-Jennylyn L. Ramos, CD 11**

*Ang pagsasaliksik ay tunay na isang paraan upang ang mga hindi gaanong nabibigyan ng pansin mula sa iba't ibang sektor ng Lipunan ay ating marinig at sa ating pandinig ay magtulak ito sa atin ng mga pinagsama-samang ideya tungo sa isang malikhain, mapagpalaya at nagbibigay lakas na pangitain.*

**-Allan Morales, CD 221**

*Ang mga pananaliksik ay nagpapatunay nagpapatuloy ang laban ng mga kababaihan at queer community. Na ang Lipunan ay di pa rin inklusibo kaya't mahalagang maitampok, mailathala at mapakinggan ang kuwento nilang di pangkaraniwan.*

**-Lucky E. Dela Rosa, CD 221**

## Alab ng Pusong Naglilingkod

*Para sa akin, successful ang program, maganda ang naganap na pagpapaaloy; akma ang pagbibigay ng service awards para sa closing program; ngayon lang din may write-up sa mga awardees*

**-Jen Dela Paz, Librarian**

*Mas nakilala namin ang mga kasamahan namin lalo na ang mga matatagal sa serbisyo, tumatak ang mga write-up tungkol sa kanila*

**-Ida Napoles, Admin Aide 5**

*Importanteng nabigyan ng pagpapahalaga at pasasalamat sa mga naging ambag sa pagsulong at paglago ng kolehiyo ang naging serbisyo ng mga awardees; ang kasiyahan at katuparang makapaglingkod at kung paano manatili dito ay hindi lang nasusukat sa laki o liit ng sahod, importanteng maging kumportable sa place of work at masayang ginagampanan ang tungkulin*

**-Amy Ilagan, Student Records Evaluator**


## Sikhay Kilos Special Issue

Editor-in-Chief

**Prof. Aleli B. Bawagan**

Managing Editor/Layout Artist

**Ana Caryl M. Ganiban**

Writers and Contributors

**Aleli Bawagan, Soleil Anniah Santoalla, Edge Uyanguren, Charles Jeric Jabson, Devralin Lagos, Caroline Balmes, Rowena A. Laguilles-Timog, Justin Francis Leon Nicolas, Sabrina Laya Gacad, Karlene May C. Reodique, Judith M. Pangilinan, Maria Elena B. Alvarez, Matt Wamil**